Tunawin ang mantekilya at igisa ang hiniwang sibuyas. Palambutin o lantahin ang sibuyas, nguni't hindi papupulahin. Isamang dahan-dahan ang arina, haluin at ibuhos na unti-unti ang gatas. Huwag titigilan ang halo upang huwag mamuo. Idagdag ang asin at *vet-sin*. Hanguin at ibuhos sa gitna ng hinubog na bangus.

Sa pag-aayos sa bandeha, bago ihain, ay lagyan ng letsugas ang paligid. Lagyan ng palamuting hiniwang itlog na nilaga at hiwa-hiwang siling pulang malaki.

RELYENONG BANGUS

1 bangus na may katamtamang laki
3/4 na puswelong kamatis, tinadtad
1/2 puswelong sibuyas na mura, tinadtad
1 kutsaritang asin
1 kutsarang katas ng kalamansi o suka
margarina
dahon ng saging

Kaliskisan ang isda. Gilitan sa likod. Alisin ang hasang at bituka. Ilagay sa isang sisidlan ang sibuyas at kamatis. Timplahan ng asin. Ilagay sa tiyan ng isda ang kamatis at sibuyas. Samahan ng 2 kutsarang margarina. Tahiin ang hiwa ng isda.

Pahiran ng mantika ang isda, balutin sa dahon ng saging at ilagay sa hurno hanggang sa maluto o humigit-kumulang sa 20 minuto.

ANG SARSA

1 puswelong sinalang gatas ebaporada

1/2 kutsaritang vet-sin

2 kutsarang margarina

Pagsama-samahin sa isang kaserola ang mga sangkap. Isalang sa atay-atay na gatong. Haluing unti-unti hanggang sa maging malapot at pino.

BIYA SA GATA

Linising mabuti ang biya at pakuluang 15 minuto sa 1 puswelong gata, 1/2 kutsaritang asin at katas ng 5 kalamansi. Hanguin at ilagay sa bandehado. Lagyan ng 1 kutsarang arina ang pinaglutuan ng isda. Pakuluan uli upang lumapot. Ibuhos ito sa isda.

BOLA-BOLANG ISDA AT PETSAY

2 puswelong laman ng bangus, hinimay

3 kutsarang sibuyas bumbay, tinadtad

4 na kutsarang arina

sibuyas na mura

1 itlog, binati

1/8 kutsaritang asin

2 kutsarang patis

2 puswelong petsay, hiniwang tig-1 pulgada ang haba

Linisin ang isda. Tapik-tapikin ng likod ng kutsilyo upang lumuwag ang laman. Biyakin sa likod at hugasang mabuti. Kunin ang laman. Ingatang huwag maisama ang tinik.

Pakuluan ang ulo, balat at tinik ng bangus sa isang kaserola, na may 3 puswelong tubig. Salain. Itabi.

Ihanda ang bola-bola. Isama sa laman ang tinadtad na sibuyas, asin at paminta. Idagdag ang itlog at arina. Bilugin ang mga bola-bola.

Timplahan ng patis ang itinabing sabaw. Pakuluan. Ihulog dito ang mga bola-bola. Isunod ang petsay. Pakuluan pa ng 2 minuto. Ihaing mainit.

KROKETAS NA ISDA

1 puswelong hinimay na labahita o dalagang-bukid, binanlian muna

2 butil na bawang, tinadtad

1/2 sibuyas bumbay, tinadtad

3/4 na puswelong gatas

1 1/2 kutsaritang asin

2 kutsarang mantekilya

2 kutsarang tinadtad na sibuyas na mura

10 patatas na katamtaman ang laki, nilaga at dinurog

2 itlog

6 na kutsarang dinurog na biskotso

kaunting paminta

Igisa ang bawang at sibuyas sa mantika. Idagdag ang isda, paminta, at asin. Ipritong 5 minuto. Isunod ang patatas at gatas, at bayaan sa apoy hanggang sa halos ay matuyuan. Idagdag ang sibuyas na mura at mantekilya. Haluin. Hanguin. Biluging unti-unti. Itubog sa binating itlog at igulong sa biskotso. Iprito sa mainit na mantika.

Maaaring isawsaw sa ketsup, o pumili ng sarsang nasa ibang pahina ang paraan ng paghahanda.

ESKABETSENG APAHAP

piniritong apahap, o kahit anong natirang prito
1 sibuyas bumbay, ginayat
2 butil na bawang, hiniwang manipis
1 puswelong tubig
1 puswelong suka
1/2 puswelong asukal
1 siling pula, hindi maanghang at hiniwang maliliit
2 kutsarang arina, sinala
kaputol na luya, hiniwang pino
asin

Pagkatapos hiwain ang mga sangkap ay timplahan ng suka at tubig na may halong asukal at asin ayon sa inyong panlasa.

Igisa sa mantika ang sibuyas, bawang at luya. Idagdag ang pinaghalong suka at tubig. Pakuluin. Isunod ang isda at siling pula. Takpan at bayaang kuluan nang ilang minuto pa. Timplahan ng arinang tinunaw sa tubig. Haluin hanggang sa maging pantay ang lapot.

ISDA IMPERYAL

1 lapu-lapu
1 puswelong mayonesa
1 kutsarang asukal
1/2 puswelong siling berde, hiniwang maliliit na pakuwadrado
1/4 na puswelong celery, **hiniwang tulad ng sili**

Linising mabuti ang isda at asnan. Iprito sa langis. Itabi.

Ihanda naman ang sarsa. Isama sa mayonesa ang asukal, sili at *celery*. Timplahan ng asin. Paghalu-haluing mabuti. Ibuhos sa isda na nakaayos sa isang bandehado. Lagyan ng palamuting hiniwang dayap.

HINURNONG LAMAN NG ISDA

4 na kutsarang mantekilya
1 kutsarang arina
1/2 kutsaritang asin
2 kutsaritang katas ng limon
1/4 na kutsaritang katas ng sibuyas
1/3 puswelong gatas
2 puswelong laman ng alimasag, hinimay
4 na postang isda
vet-sin

Tunawin ang 2 kutsarang mantekilya o margarina sa isang kawali at **isama** ang arina. Idagdag ang 1/2 kutsaritang katas ng limon, katas ng sibuyas at asin. Unti-unting isama ang gatas at haluing mabuti hanggang sa lumapot. Hanguin at isama ang laman ng alimasag. Budburan ng *vet-sin*.

Iayos ang 2 postang isda sa isang liyanerang minantikaan. Sa ibabaw ay ipahid ang inihandang laman ng alimasag. Ipatong ang 2 pang posta at gawin ang ginawa sa una. Budburan uli ng *vet-sin*. Pagsama-samahin ang nalalabi pang mga sangkap at ipahid sa ibabaw ng isda. Huwag tatakpan. Ipasok sa hurnong may init na 350° F at bayaang 30 minuto.

HITO AT AMPALAYA

4 na hito, katamtaman ang laki
3 butil na bawang
6 na kamatis
2 sibuyas bumbay
3 ampalaya

Linising mabuti ang hito at postahin. Itabi. Hiwaing maliliit ang kamatis, sibuyas at ampalaya. Pitpitin ang bawang. Magsalang ng kawali, igisa ang bawang, sibuyas at kamatis. Isunod ang hito. Timplahan ng patis. Lagyan ng 2 puswelong tubig. Takpan at bayaang kumulo. Kapag luto na ang hito ay isunod ang ampalaya. Pakuluan pa uli.

ISDANG MAY MISWA

1 isda, hindi matinik, katamtaman ang laki
1/2 puswelong miswa
1 puswelong tubig
2 butil na bawang, pinitpit
1/2 sibuyas bumbay, ginayat
2 kamatis na hinog, tinadtad
asin
paminta

Iprito ang isda. Itabi. Igisa sa mantika ang bawang, sibuyas at kamatis. Isunod ang tubig. Kapag kumukulo na ay idagdag ang miswa. Timplahan ng asin at paminta. Ito ang ibuhos sa piniritong isda.

Ihaing mainit.

MENUDONG ISDA

1 lapu-lapu, katamtaman ang laki
1 sibuyas bumbay, hiniwang pabilog
1 siling pula, hindi maanghang, hiniwang pabilog
1 kutsarang asukal
1/2 puswelong tomato sauce
1/2 puswelong langis ng ensalada
2 kalamansi
asin at paminta

Pagkalinis sa lapu-lapu ay hiwaan sa likod at ibabad sa katas ng kalamansi, asin at paminta sa loob ng 1 oras. Pagsama-samahin ang siling pula, asukal, asin at paminta. Ipalaman ito sa isda. Ang malalabi ay ipatong sa ibabaw ng isda at ilagay sa isang hulmahan. Paghaluin ang *tomato sauce* at langis at ibuhos sa isda. Ipasok sa hurnong may init na 350° F at bayaang 1 oras o hanggang sa maluto.

MOLE

1/2 kilong dalag
1/2 puswelong kamatis na hinog, tinadtad
1/4 na puswelong sibuyas, hiniwa
2 tangkay ng petsay
1/4 na puswelong bigas, binusa at giniling
1/2 kutsarang bawang, dinikdik
atsuwete
asin
paminta
1/4 na puswelong peanut butter

Linising mabuti ang dalag, pusta-hin at pakuluan hangang sa maluto. Initin ang mantika. Dito patigisin ang katas ng atsuwete. Alisin ang buto bago igisa ang bawang, sibuyas at kamatis. Isunod ang isda at ang petsay. Sabawan nang sapat lamang upang pumantay sa laman. Takpan at bayaang kumulo nang 5 minuto.

Idagdag ang bigas at *peanut butter*. Bayaan pang 5 minuto.

PESANG DALAG

1 dalag, katamtaman ang laki
kapirasong luya, 1 dali ang haba pinitpit
1 maliit na sibuyas, pinag-apat
2 ulo ng petsay
1 maliit na repolyo
10 paminta, buo
2 tangkay ng sibuyas na mura
2 puswelong sabaw-sinaing

Linising mabuti ang dalag. Hiluran ng bato hanggang sa pumuti ang balat o ilubog sa kumukulong tubig na may kaunting suka upang maalis ang madulas-dulas na lansa. Pusta-hin sa laking nais. Asnan.

Igisa ang luya, sibuyas at isda. Idagdag ang sabaw-sinaing, paminta, repolyo, petsay at sibuyas na mura. Pakuluan. Timplahan kung mata-bang pa.

Isawsaw sa misong iginisa sa kamatis, sibuyas, bawang at may timplang patis.

Ang dalag ay maaaring halinhan ng bangus na malaki, apahap o lapu-lapu.

PESCADO ROYALE

1 lapu-lapu, katamtaman ang laki
1 latang tomato sauce
1 kutsarang asukal repinado
2 kutsarang sibuyas na tinadtad
3 kutsarang tinadtad na siling berde
2 kutsarang tinunaw na mantekilya
asin
paminta

Linising mabuti ang isda. Asnan at pasingawan. Pagkatapos ay itago sa repriheradora upang lumamig.

Ihanda ang sarsa. Igisa ang sibuyas. Hintayin hanggang maging malinaw ang sibuyas at isunod ang tinadtad na siling berde. Isama ang *tomato sauce*, asin at paminta. Hinaan ang apoy at bayaan hanggang sa kumulo.

Ilagay sa bandehado ang isda at ibuhos ang sarsa. Lagyan ng palamuting hiniwang pipino ang magkabilang tabi ng isda.

PINAIS

1 banak, katamtaman ang laki
1 sibuyas bumbay, tinadtad
2 kamatis na hinog, tinadtad
2 butil na bawang, dinikdik
1 itlog, binati
mantika
asin
paminta

Linising mabuti ang isda at biyakin ang likod. Asnan nang bahagya ang loob. Itabi.

Initin ang mantika. Igisa ang bawang, sibuyas, at kamatis. Timplahan ng asin at paminta. Bayaan hanggang sa maluto ang kamatis na tila sarsang malapot. Hanguin. Palamigin. Ihalo ang itlog at ipaloob sa tiyan ng isda.

Magsalab ng dahon ng saging. Ibalot ang isda sa 3 patong ng dahon at ihawin. Kapag nasunog na sa magkabilang panig ang magkakasusong dahon ay hanguin.

Maaaring ipasok din sa hurnong may katamtamang init.

PINIRITONG ISDA (1)

3 libra ng laman ng apahap o lapu-lapu
1/2 puswelong toyo
1/2 puswelong arina
1/2 puswelong gawgaw
1 puswelong gatas
1 itlog
2 kutsaritang baking powder
1 kutsaritang asin
1/2 kutsaritang paminta
2 latang hiniwang pinya sa lata, tig-1 libra
1/4 na puswelong asukal
langis-pamprito

Hugasan ang isda, patuluin at hiwaing manipis. Ibabad sa toyo mula sa 20 hanggang 30 minuto. Balibaligtarin. Pagsama-samahin ang arina, gawgaw, gatas, itlog, *baking powder*, asin at paminta. Haluing mabuti hanggang sa makagawa ng galapong na tila malapot na gatas.

Isalin ang pinya sa isang kaserola, na kasama pati ang arnibal. Ihalo ang asukal. Pakuluan.

Isalin sa isang kawali ang langis-pamprito. Painitin. Kapag halos ay kumukulo na ang langis, hanguin ang isda sa toyo at itubog sa galapong at ihulog sa kumukulong langis. Maluluto ang isda sa loob ng isa o dalawang minuto.

Ilagay sa tuwalya o serbilyetang papel ang nilutong isda upang matuyo ang langis. Samantalang ginagawa ito, maghalo ng 1 kutsarang gawgaw at 1/4 na puswelong tubig at isama sa pinakukulong pinya at arnibal. Isalin sa isang bandehado. Ayusin ang pinya at dito ipatong ang piniritong isda.

PINIRITONG ISDA (2)

1 librang isda, apahap o lapu-lapu, hiniwang maninipis
1/2 puswelong dinikdik na biskotso
1/2 kutsaritang asin
paminta
1 kutsaritang vet-sin
1/3 puswelong mantika
1 kutsaritang ginayat na sibuyas
1/2 puswelong tubig
1 kutsarang tinadtad na kintsay
1 bouillon cube
3 kutsarang tinto
1 puswelong gatas
1 itlog

Hiwaing manipis ang laman ng isda, na husto sa apat katao. Itubog sa binating itlog at igumon sa biskotso, na hinaluan ng paprika, asin at paminta. Initin ang mantika sa isang kawali at iprito rito ang isda.

Ihanda ang sarsa. Sa mantikang matitira sa pagprito, idagdag ang sibuyas, tubig, kintsay, *bouillon*, tinto at paminta. Bayaang kumulo. Hanguin at unti-unting ihalo ang gatas.

Sa palamuti, ihaing may kasamang gisantes. Pigaan ng katas ng kalamansi o dayap.

PUTSERONG DALAG

1 dalag, katamtaman ang laki
1/2 puswelong mantika
3 maliliit na kamatis, tinadtad
1/2 ulong bawang, dinikdik
1 sibuyas, ginayat
3 saging na saba, pinaghati
1 maliit na repolyo, pinag-apat
2 patatas, hinati
1 puswelong tubig

Linisin ang dalag at postahin. Iprito.

Igisa ang bawang, sibuyas at kamatis. Lagyan ng tubig na pansabaw. Kapag kumulo, isunod ang saging, repolyo at patatas. Takpan at pakuluan hanggang sa maluto ang mga gulay. Isunod ang isda. Bayaan hanggang maluto.

ISDA SA SARSA

1 1/2 librang laman ng isda, labahita o apahap
2 librang kulitis
1/4 na kutsaritang anis maskada
3 1/2 kutsaritang asin
1/8 kutsaritang paminta, dinikdik
8 butil ng buong paminta
1 dahon ng laurel
sarsa
1 pula ng itlog, nilaga at dinurog
2 kutsarang katas ng limon

Hugasang mabuti ang mga dahon at tangkay ng kulitis. Alisin ang mga tangkay na matigas. Huwag ding isasama ang mga dahong manilaw-nilaw o may bahaging tila nababad sa tubig. Hiwaing tig-3 pulgada ang haba. Iayos sa isang kaserola nguni't huwag lalagyan ng tubig. Takpan at isalang. Bayaang 10 minuto. Pagkatapos ay patuluin at budburan ng asin at anis. Itabi.

Ang isda ay budburan ng asin at paminta. Ibilot at iayos sa isang kaserola. Isama ang dahon ng laurel, pamintang buo, katas ng limon at 1/2 kutsaritang asin. Takpan at pakuluang mula sa 5 hanggang 8 minuto.

Isalin sa bandehado ang kulitis. Ilayos sa ibabaw nito ang isdang binilot. Ibuhos dito ang sarsa. Budburan ng dinurog na pula ng itlog na nilaga.

ANG SARSA

2 kutsarang mantekilya o margarina
2 kutsarang arina
1 puswelong gatas ebaporada
1 pula ng itlog
2 kutsarang gatas na malapot
1/2 puswelong dinurog na kesong pula
1/2 kutsaritang asin

Tunawin ang mantekilya o margarina. Isama ang arina at haluing mabuti. Ihalo ang gatas, unti-unti. Habang niluluto ay huwag titigilan ng halo. Hintaying lumapot.

Magkasamang batihin ang gatas na malapot at pula ng itlog. Isama sa naunang pinaghalu-halong mga sangkap at haluing mabuti. Idagdag ang keso. Haluin hanggang sa matunaw ang keso. Timplahan ng asin.

Ito ang tinatawag na *mornay sauce.*

SARDINAS PILIPINO

5 bangus o hasa-hasa, katamtaman ang laki, hindi kinaliskisan
1 maliit na bote ng langis ng oliba asin
1/2 puswelong tubig
2 carrot, tinalupan at hiniwang mahahaba
1 siling pula, hiniwang pakuwadradong maliliit
1 dahon ng laurel
1 sibuyas bumbay, tinadtad
6 na klabo de komer

Linisin ang isda nguni't ingatan ang kaliskis. Ilagay ang lahat ng sangkap sa isang sisidlan, kasama ang isda. Ipasok sa hurnong may katamtamang init. Bayaang 1 oras.

SARSA BLANKA

1 apahap o ano mang isdang malaman
katas ng 2 kalamansi
3 sibuyas
dahon ng laurel
3 kamatis na hinog
2 butil na bawang
2 itlog
3 patatas, katamtaman
3 kutsarang langis-pamprito
asin

Linising mabuti ang isda. Magpakulo ng tubig, sapat upang lumubog ang isda. Timplahan ng asin at katas ng kalamansi at isama ang laurel. Dito iluto ang isda. Hanguin nang hindi kasama ang sabaw at ilagay sa isang bandehado.

Dikdikin ang bawang at igisa sa langis-pamprito. Isama sa sabaw na pinaglutuan sa isda. Hiwaing 8 piraso ang sibuyas. Pag-apatin ang patatas at kamatis. Unang ihulog sa sabaw ang patatas. Kapag malapit nang maluto ay isunod ang kamatis at sibuyas. Bayaang maluto. Iayos ito sa paligid ng isda. Isalin sa ibang sisidlan ang sabaw at batihin ang itlog. Ibuhos sa isda.

Lagyan ng sibuyas na mura ang bibig ng isda bilang palamuti.

SINIGANG NA BANGUS

1 bangus, katamtamang laki
2 kamatis
1 sibuyas
1 puswelong sitaw, hiniwang tig-2 pulgada ang haba
1 puswelong hiniwang kangkong at sitaw
1 puso ng saging, butuan, hiniwang katamtaman ang laki
5-8 sampalok

2 puswelong hugas-bigas
asin

Postahin ang malinis nang bangus. Magpakulo ng 1/2 puswelong sabaw-sinaing sa isang palayok na kinalalagyan ng sampalok. Kapag malambot na ang sampalok ay ligisin at salain at muling isalang. Idagdag ang nalalabing sabaw-sinaing o hugas-bigas. Pakuluin. Idagdag ang kamatis, sibuyas, puso ng saging, sitaw at kangkong. Takpan. Kapag luto na ang mga gulay ay ilagay ang isda.

Isawsaw sa ginisang bagoong na alamang.

SINAING NA DILIS

1/2 kilong sariwang dilis
2 kutsarang asin
3 sampalok na hilaw
dahon ng saging
1/2 puswelong tubig

Linising mabuti ang dilis. Asnan. Balutin sa dahon ng saging. Ilagay sa palayok o kaserolang may dinikdik na sampalok. Lagyan ng tubig. Isalang at bayaan hanggang sa matuyuan.

SINIGANG NA DILIS

4 na sampalok
6 na puswelong hugas-bigas
1 maliit na sibuyas bumbay, ginayat
2 malaking kamatis na hinog, hiniwa
2 talong, katamtaman ang laki, hiniwang 6 piraso
1 kutsaritang dinurog na luya
3 puswelong tuyong dilis
4 na puswelong talbos ng kamote
asin
vet-sin

Pakuluan ang sampalok sa 1 puswelong hugas-bigas. Kapag malambot na ay durugin. Salain at isama ang nalalabi pang hugas-bigas. Takpan at bayaang kumulo. Idagdag ang sibuyas, kamatis, talong, luya at dilis. Takpan uli at pakuluang 5 minuto. Isama ang talbos ng kamote at bayaang kumulong 4 na minuto pa. Timplahan ng asin at *vet-sin*.

TOTSONG BANGUS (1)

1 bangus, katamtaman ang laki
2 kutsarang luya, hiniwang maliliit na pahaba
2 butil na bawang, hiniwang maninipis
6 na kamatis, hiniwang maliliit
2 kutsarang tahure
2 kutsarang tausi
1 sibuyas bumbay, ginayat
2 kutsarang suka
asukal na panimpla

Linisin ang bangus at postahin, 1/2 pulgada ang kapal. Asnan at bayaang 15 minuto. Patuluin, iprito at itabi.

Initin ang mantika at igisa ang bawang, luya at kamatis. Idagdag ang tahure na dinurog sa 1 puswelong tubig. Isunod ang tausi, sibuyas at asukal. Pakuluan sandali. Idagdag ang suka at pagkulo uli ay ihulog ang piniritong isda. Bayaan sa apoy hanggang maluto.

TOTSONG BANGUS (2)

1 bangus
1 pirasong tahure
1/2 sibuyas, ginayat
1 pirasong luya, 2 sentimetro kuwadrado, hiniwang maliliit
2 kutsarang suka
2 butil na bawang, hiniwang maliliit
1/2 puswelong mantika

Iprito ang isda nang malasado. Durugin sa tubig at suka ang tahure. Igisa ang bawang, sibuyas, at luya. Isunod ang tahure. Idagdag ang isda at pakuluang 3 minuto.

5. ANG PAGLULUTO NG ITLOG

ANG ITLOG, bukod sa gatas, ang ibinibilang na pagkaing mayaman sa lahat ng sangkap na kailangan ng katawan.

Ang itlog ang hindi nababawasan ang bisa sa ating pagkain, mula sa umaga hanggang sa gabi. Hindi ito namimili ng panahon upang mabili at maihain, bukod pa sa hindi nakasasawa at madaling kainin, at napakadali ring ihanda. Sa agahan ay maipiprito o mailulutong malambot ang puti at pula. Sa pamamagitan ng itlog, sinasabing hindi na kailangang kumain ng agahan, kundi iinumin na lamang iyon!

Ang sariwang itlog ay higit na mabigat kaysa bugok, kaya kung ilalagay sa tubig ay lulubog. Ang pula ay buo at walang *mata* o *bilig* na palatandaang nahalimhiman na. Wala rin itong masamang amoy.

Kung itatago ang itlog, huwag isasama sa ibang pagkaing masansang ang amoy pagka't sinasagap iyon ng balat ng itlog. Kung hindi naman isinasabay ang paggamit ng pula sa puti, maiimbak din ang mga iyon sa repriheradora: ang pula ay ibabad sa tubig sa isang sisidlan. Ang puti naman ay kailangang takpan sa sariling sisidlan. Huwag ilalagay sa *freezer* ang itlog kailan man. Kung galing sa repriheradora ang itlog na gagamitin sa pagluluto, ilabas muna at bayaang mapawi ang lamig bago lutuin.

Ang itlog na nilaga ay maluluto sa loob ng 10 minuto. Ang malasadung-malasado ay 3 hanggang 3 1/2 minuto.



ITLOG AT KAMATIS

6 na itlog
6 na maliliit na kamatis, hinog
2 kutsarang mantekilya
asin
paminta

Tapyasin ang ibabaw ng kamatis. Gumawa ng hukay sa gitna upang mailagay ang isang buong itlog. Budburan ng asin at paminta ang loob. Lagyan din ng kaunting mantekilya. Basagin ang isang itlog sa bawa't hukay ng kamatis.

Pasingawan. Kung may hurno ay dito lutuin sa katamtamang init.

ITLOG AT MUSTASA

3 itlog, binati
5 tangkay ng mustasang buro, hiniwang maliliit
2 kamatis na hinog, hiniwang maliliit
1 sibuyas, hiniwang maliliit
2 butil na bawang, pinitpit
2 kutsarang mantika
asin

Initin ang mantika. Igisa ang bawang, sibuyas, kamatis at ang mustasa. Isunod ang itlog. Timplahan ng asin.

ITLOG AT PATATAS

4 na itlog, nilaga
1 itlog, binating bahagya
3 puswelong nilaga at niligis na patatas
biskotsong dinikdik

Hatiin sa apat na bahagi ang patatas at ibalot sa nilagang itlog. Itubog sa binating itlog at igumon sa biskotso. Iprito. Hiwain sa gitna bago ihain.

PINIRITONG ITLOG

3 itlog ng manok
2 sibuyas bumbay, katamtaman ang laki
3 kutsarang gatas
langis-pamprito

Gayatin ang sibuyas. Igisa sa langis. Habang nilalanta ang sibuyas ay batihing bahagya ang itlog. Huwag bayaang mamula ang sibuyas. Timplahan ng asin ang itlog ayon sa gusto at ibuhos sa kawaling pinagluto an sa sibuyas. Bago tumigas ang itlog ay hanguin ang kawali. Sakaluin ang itlog hanggang sa tumigas. Ihaing mainit.

Ang gatas ay inilalahok sa lutuing ito upang maging lalong malambot ang itlog. Kung itlog ng pato o itik ang gagamitin, tubig ang isama, ngunit sa gayon ding dami—1 kutsara sa bawa't itlog.

RELYENONG ITLOG

Maglaga ng 4 na itlog. Talupan at hatiin. Alisin ang pula. Itabi.

Tadtarin ang 2 atay ng manok. Patakan ng *Tabasco sauce* at 1/2 kutsaritang katas ng dinikdik na sibuyas. Igisa sa 3 kutsarang mantekilya. Isama ang dinurog na pula ng itlog. Haluing mabuti.

Ilagay ito sa hukay ng puti ng itlog. Budburan ng dinurog na kesong pula. Ipasok sa hurnong katamtaman ang init. Bayaan hanggang sa matunaw ang keso.

Ano mang resipe na ang kailangan ay kalahating itlog, ay hindi dapat makasira sa inyong loob at pagpapasiya. Batihin ang itlog nang bahagya lamang at kumuha ng 2 kutsara—iyon ang 1/2 itlog!

Hipon



6. ANG PAGLULUTO NG LAMANG-DAGAT

ANG ATING mga dagat ay mayaman sa mga pagkaing may kabibe, tulad ng halaan, talaba, kapis, tahong, paros, tulya, kanture, at marami pang iba na bukod sa mayaman sa protina ay sagana rin sa posporo at yodo. Ganito ring sustansiya ang nakukuha sa alimasag, alimango, hipon, alamang, talangka at tatampal o alupihang-dagat.

Tulad sa isda, ang mga lamang-dagat ay higit na masarap at napananatili ang sustansiyang taglay kung lulutuin sa lalong payak na paraan. At ang lahat ng ito ay magiging malinamnam lamang kung lulutuing buhay. Sa sandaling mamatay ang lamang-dagat ay hindi na dapat lutuin at kainin, maliban sa hipon, sapagka't iba na ang lasa at salat sa bibig.

GINATAANG BAGOONG NA ALAMANG

3 puswelong bagoong
1/4 na kilong baboy
1 niyog

Gatain ang niyog at pakuluin na kasama ang bagoong at baboy na hiniwang tulad sa panggisa. Kung gusto ng maanghang ay hiwaan ng siling pamaksiw.

ESKABETSENG ALIMANGO

1 alimango, malaki
1 sibuyas
1 siling berde, hindi maanghang
2 butil na bawang
kapirasong luya
kaunting arina
toyo
suka
asin
asukal

Ihalabos ang alimango, nguni't hindi husto ang luto. Pag-apatin. Pitpitin ang bawang, hiwain ang luya nang maliliit na tulad sa palito. Hiwaing maliliit ang sili. Gayatin ang sibuyas.

Timplahan ng asin, toyo at asukal ang suka, at pakuluan. Palaputin sa arina. Itabi. Igisa ang bawang, sibuyas at luya, kasunod ang sili. Isunod dito ang sukang may timpla at idagdag ang alimango. Bayaang kuluan at ihaing mainit.

ALIMANGO SA SARSA

4 na malalaking alimango, babae
2 puswelong gatas
2 kutsaritang gawgaw
3 pula ng itlog
1 kutsaritang asukal na puti
1/4 na librang mantekilya
1/4 na puswelong tinadtad na kabute
asin at paminta

Ihalabos na may asin ang alimango. Himayin ang laman at itabi ang talukap.

Pagsama-samahin ang mga sangkap sa isang kaserola at pasingawan. Manaka-nakang haluin upang hindi manikit. Idagdag ang laman ng alimango at bayaang ilang saglit sa apoy. Hanguin.

Sidlan ng niluto ang mga talukap ng alimango. Iayos sa isang bandehadong may saping letsugas. Gawing palamuti ang mga sipit.

BOLA-BOLANG HALAAN

1 puswelong arina, sinala
2 puswelong halaan, tinadtad
1 kutsaritang baking powder
1 itlog, binati

Paghaluin ang arina at *baking powder*. Isunod ang halaan at itlog. Magpakulo ng mantika sa kaserola o kawali. Ihulog na kutsa-kutsara sa mantika at bayaang pumula.

HALAAN ESPESYAL

2 puswelo ng laman ng halaan, binanlian
1/4 na puswelong mantekilya
3 kutsarang arina
1 kutsaritang asukal
2 puswelong sabaw
2 itlog, bahagyang binati
asin

Tunawin sa kaserola ang mantekilya at idagdag ang arina. Hinaan ang gatong. Kapag nagbubugal-bugal na, isama ang sabaw. Pakuluan. Isunod ang binating itlog, laman ng halaan at asukal. Timplahan ng asin.

KROKETAS NA HIPON

1 puswelong hipon, tinadtad
1/2 puswelong katas ng hipon
1 sibuyas bumbay, maliit, tinadtad
1/2 puswelong hiniwang kamatis,
2 puswelong patatas, nilaga at dinurog
2 itlog, binati
asin
paminta
biskotsong dinikdik

Igisa ang sibuyas. Isunod ang kamatis. Bayaan sa apoy hanggang sa maging tila sarsa. Idagdag ang laman at katas ng hipon. Bayaang kuluan hanggang sa maluto.

Ihalo ito sa dinurog na patatas. Timplahan ng asin at paminta. Ibalik sa apoy at bayaan hanggang sa halos ay matuyuan. Hanguin at palamigin pagkatapos.

Humugis ng mga bola-bolang sapol ng palad. Itubog sa binating itlog bago igumon sa dinikdik na biskotso. Iprito sa kumukulong mantika. Bayaang pumula bago hanguin.

HIPON AT GULAY

1 kilong hipon
4 na kutsarang mantekilya
1 kutsaritang asukal
1 kutsaritang dinurog na parsley
1 puswelong tomato sauce
1/2 puswelong celery, **hiniwang maliliit**
1/2 puswelong sibuyas, tinadtad
1/2 puswelong siling berde, tinadtad
1/2 puswelong tubig
asin

Igisa ang sibuyas sa mantekilya. Isunod ang iba pang mga sangkap, maliban sa hipon. Hinaan ang apoy at lutuing dahan-dahan, sa loob ng 30 minuto. Idagdag ang hipon. Bayaan sa apoy hanggang sa maging rosas na rosas ang hipon.

GINISANG HIPON SA SIBUYAS

1/2 kilong hipon, tinalupan
1/4 na puswelong langis na pamprito
2 puswelong hiniwang sibuyas bumbay
1 1/2 kutsaritang asin
1/4 na kutsaritang dinikdik na paminta
1 kutsaritang ginayat na kintsay

Hugasan ang hipon at patuluin. Initin ang langis sa kawali. Igisa rito ang sibuyas. Isunod ang hipon, asin, at paminta. Bayaang 10 minuto. Kapag luto na ay ibudbod ang kintsay.

PINIRITONG HIPON

20 hipon, karaniwang laki
6 na itlog
2 kamatis, hinog
1 tasang gatas
3 patatas
arina at biskotso
asin at paminta
letsugas

Ihalabos ang hipon. Alisan ng balat. Batihin ang itlog sa gatas. Ilubog dito ang hipon at igulong sa arina at dinurog na biskotso. Iprito sa kumukulong mantika.

Ayusin sa isang bandehadong may palamuting letsugas, hiwa-hiwang kamatis at piniritong patatas.

HIPON AT SARSA

1/2 kilong hipon, hinalabos
1 pipino, katamtaman ang laki
1 onsang mantekilya
bahagyang paminta
1 latang may 4 na onsang siling buo
2 kutsarang gawgaw
1 1/4 na puswelong gatas
1 kutsaritang asin
6 na onsang kesong pula, ginayat
1/4 na puswelong tomato sauce

Talupan ang pipino at pag-apatin. Alisan ng buto, hiwain ang bawa't piraso ng 16 na hiwa. Patuluin ang sili at hiwaing mahahabang manipis.

Tunawin ang mantekilya sa kawali, at igisa ang pipino at sili. Bayaang 3 minuto.

Isama ang gawgaw sa 1/2 puswelong gatas. Isama sa pipino at sili, *tomato sauce*, nalabing gatas, asin at paminta. Bayaang kumulo nguni't huwag titigilan ng halo. Idagdag ang ginayat na keso. Haluin hanggang sa matunaw ang keso. Isama ang hipon at pakuluan pang 3 minuto.

RELYENONG PUSIT

6 na malalaking pusit
1/2 kilong hipon, hiniwang maliliit
1 puswelong celery, hiniwang maliliit na pakuwadrado
1/4 na puswelong sibuyas, ginayat
1/4 na puswelong kamatis, hiniwang maliliit
1 kutsaritang asukal
1/2 kutsaritang Worcestershire **sauce**
1/2 kutsaritang suka
1 butil na bawang, pinitpit
asin

Linising mabuti ang pusit. Alisin ang ulo. Iluto sa suka, asin at kaunting tubig.

Igisa ang bawang sa 4 na kutsarang langis-pamprito. Isunod ang sibuyas, kamatis at hipon. Bayaang 5 minuto. Idagdag ang *celery* at asukal. Timplahan ng asin. Ito ang ilagay sa katawan ng pusit. Tusukan ng palito upang sumara ang pinanggalingan ng ulo. Iprito.

Kung may hurno, ihanay sa parilya, haguran ng langis na pamprito at ipasok sa hurnong katamtaman ang init. Bayaan hanggang sa pumula.

SUGPO

1 malaking sugpo
1/4 na librang mantekilya kesong ginadgad
1/4 na puswelong gatas

Biyakin ang sugpo at kunin ang laman. Linisin ang balat. Hiwaing maliliit ang laman. Tunawin ang mantekilya sa kawali. Igisa ang laman ng sugpo. Idagdag ang keso at gatas. Timplahan ng asin. Ilagay sa balat. Paghahain ay lagyan ng hiniwang dayap o limon.

PINIRITONG TALABA

24 na talaba, malalaki
1/2 kutsaritang asin
2 kutsarang tubig na malamig
2 itlog, manok o pato

1/2 kutsaritang paminta
1 tasang biskotsong dinurog

Alisin sa balat ang talaba at patigisin. Batihin ang itlog, kasama ang asin at paminta. Ilubog sa binating itlog at igulong sa biskotso. Bayaang 5 minuto bago iprito sa kumukulong mantika. Ihaing mainit.

GINISANG TULYA SA DAHONG-SILI

2 gatang na tulya
1 sibuyas
2 butil na bawang, dinikdik
kapirasong luya
3 puswelong sabaw-sinaing
dahong-sili
patis

Hugasan ang tulya. Igisa ang bawang, luya at sibuyas. Timplahan ng patis. Bayaang 2 minuto. Isunod ang sabaw-sinaing. Pakuluin. Ihulog ang tulya. Pagbuka, isunod ang dahong-sili.

GINISANG TULYA SA MAIS

1 puswelong laman ng tulya
1 puswelong ginayat na mais na mura
1 sibuyas
2 butil na bawang, dinikdik
patis

Igisa ang bawang, sibuyas at tulya. Timplahan ng patis at ihulog ang mais. Gawing sabaw ang pinaglagaan sa tulya. Pakuluan hanggang sa maluto ang mais.

TORTILYANG TULYA

2 gatang na tulya, may karaniwang laki
1 sibuyas
2 kamatis
1 itlog
1 butil na bawang
paminta, dinikdik

Hugasan ang tulya. Banlian. Alisin sa balat.

Hiwaing maliliit ang sibuyas at kamatis. Pitpitin ang bawang. Igisa sa mantika ang bawang, sibuyas, kamatis at isunod ang laman ng tulya. Timplahan ng asin at paminta. Makaraan ang ilang sandali ay hanguin.

Batihin ang itlog at balutin dito ang iginisang mga sangkap sa karaniwang paraan.

Ang halaan ay higit na mapananatili ang lasa kung lulutuin sa pinaka-payak na paraan: maggisa ng luyang hiniwang maliliit, pinitpit na bawang at ginayat na sibuyas at isama ang halaan. Takpan at hintaying bumuka at maluto sa sariling katas. Timplahan ng asin o patis kung kailangan.

7. ANG PAGLULUTO NG MANOK

ANG BAHAGI ngayon ng maka-bagong pamamalengke na nakabibili ng manok na malinis na ay isang malaking tulong sa abalang mga maybahay. Gayon man, kung may sapat din lamang panahon, higit na mabuting tayo ang magpatay ng manok na lulutuin, hindi lamang upang makatiyak sa manok na ihahain kundi upang makuha rin ang



dugo na lubhang mayaman sa yero. Higit na madaling himulmulan ang manok na mainit-init pa sa pagkakabanli kaysa kung pababayaang lumamig muna. Ang balahibong-pusa ay maaalis na mabuti kung sasalabin ang manok, at matitiyak na malinis na malinis kung kukuskusan ng asin at babanlawan bago hiwain.

Sa paghihiwa sa manok, tiyaking sa mga kasu-kasuan paghiwa-hiwalayin iyon bago hiwain sa pirasong ang laki ay ayon sa gusto at panganga-ilangan.

RELYENONG MANOK

1 malaking inahin
1 kilong baboy, giniling
1/4 na puswelong pasas na walang buto
1 maliit na lata ng atsarang matamis, tinadtad
4 na kutsarang mantika
2 itlog na nilaga, tinadtad
2 malaking kamatis na hinog, tinadtad
1 maliit na latang gisantes
1 sibuyas bumbay, hiniwang maliliit
asin
paminta

Linisin ang manok sa karaniwang paraan at alisan ng buto nang hindi masisira ang balat. Iwan ang mga pakpak, leeg at binti. Gilingin ang baboy. Initin ang mantika at igisa ang sibuyas, kamatis, baboy, pasas, risantes at atsara. Bayaan sa apoy hanggang sa maluto ang baboy. Timplahan ng asin at paminta. Isama ang itlog.

Ilagay ito sa loob ng balat ng manok at tahiin ang bukasan. Balutin sa katsa ang manok. Pakuluan sa sabaw hanggang sa maluto. Hanguin at iprito.

SARSA NG RELYENONG MANOK

Tadtarin ang menudensiya. Lagyan ng arina. Igisa sa mantika, bawang at sibuyas. Lagyan ng sabaw. Timplahan ng asin at paminta. Haluin habang hinihintay na kumulo. Bayaang lumapot.

PASTEL NA MANOK

Palaman:

1/3 puswelong mantekilya
1/3 puswelong sibuyas bumbay, tinadtad
2 kutsarang parsley, **tinadtad**
1 1/3 puswelong laman ng manok, tinadtad
1 latang kabute, tig-4 na onsa, tinadtad
1/4 na puswelong arina, sinala
1/2 puswelong gatas ebaporada
1 kutsaritang asin
1/8 kutsaritang paminta, dinikdik
1 pirasong kesong pula, ginayat

Masa:

2 puswelong arina, sinala
3/4 na kutsaritang asin
2/3 puswelong langis-pamprito
6 na kutsarang tubig na malamig

Sa paggawa ng palaman, tunawin ang mantekilya at igisa ang sibuyas at *parsley*. Isunod ang manok at kabute, at huwag titigilan ng halo hanggang sa maluto ang sibuyas. Idagdag ang arina. Haluing mabuti. Isunod ang gatas. Bayaan sa apoy hanggang sa maluto at timplahan ng asin, paminta at keso.

Ganito naman ang gawin sa paghahanda ng masa: Salain ang arina at asin. Ihalo ang langis sa pamamagitan ng dalawang kutsilyo. Wiligan ng tubig hanggang sa maging pino at magmasa. Pisil-pisilin ng mga daliri at ihubog na pabilog. Pagulung-gulungin hanggang sa mailatag na ang kapal ay 1/4 na pulgada.

Ilagay dito ang palaman at itiklop. Igulung-gulong hanggang sa magkaroon ng hugis na tila tinapay na malaki. Diinan ng mga daliri ang magkabilang dulo upang sumara. Pahiran ng binating pula ng itlog upang magkaroon ng kulay. Ipatong sa isang minantikaang liyanera at ipasok sa hurnong may init na 450° F sa loob ng 10 minuto. Bawasan ang init hanggang sa 400° F at muling bayaan ng 10 minuto pa.

KALDERETANG MANOK AT BABOY

1 manok, katamtaman ang laki at hiniwa sa mga pirasong ayon sa gusto
1 kilong baboy, hiniwa rin ayon sa gustong laki
1 latang sarsitsas
1 tsorisong Bilbao
1 puswelong aseytunas
1/4 na librang mantekilya
2 kutsarang asukal repinado
4 na butil na bawang, pinitpit
2 kutsaritang rum
2 kutsaritang Worcestershire sauce
1 latang siling pula, hiniwang makitid na mahaba

1 onsang kesong pula, ginayat asing panimpla
1 sibuyas bumbay, ginayat

Tunawin ang mantekilya sa kawali at igisa ang bawang at sibuyas. Isunod ang manok at baboy. Takpan at bayaang maluto at maging malambot. Isama ang *tomato sauce* at *rum*. Pakuluan at isama ang iba pang mga sangkap.

MANOK NA BARBEKYU

Pumili ng isang dumalaga na may bigat na mula sa isa at kalahati hanggang dalawa at kalahating libra. Hiwain ito sa apat na piraso. Ilayos sa isang hurnuhan. Timplahan ng panahog na nasa ibaba ang paraan ng paghahanda. Takpan at ipasok sa hurnong katamtaman ang init. Manaka-nakang bubuksan at lagyan ng sarsa. Bayaang mamula at mahusto ang luto. Mga isang oras o isang oras at kalahati ang itatagal ng pagluluto, batay sa laki ng manok.

ANG SARSA

1 kutsaritang asin
1/2 kutsaritang paminta, dinikdik
1 kutsarang asukal
1 sibuyas bumbay, ginayat
1 puswelong katas ng kamatis o ketsup
1/3 puswelong katas ng kalamansi
1 kutsarang Worcestershire sauce (kung gusto)

Paghaluin sa isang kaserola ang asin, paminta at asukal. Isunod ang sibuyas, ketsup, kaunting tubig at kaunting mantika. Bayaang kumulo. Hanguin at idagdag ang kalamansi at ang *Worcestershire sauce*, kung gustong samahan nito. Ito ang ipapahid sa manok habang nakahurno. Maaari ring gawing sawsawan paghahain.

PITSO NG MANOK AT KESO

2 pitso ng manok, hiniwa at inalisan ng buto
1 itlog ng manok
1/2 puswelong ginayat na kesong pula
1/4 na puswelong mantekilya
2 kutsarang vet-sin

Hugasan at patuluin ang manok. Budburan ng *vet-sin*. Itubog sa binating itlog at igumon sa dinurog na keso. Initin ang mantekilya sa kawali at tiyaking mahina ang gatong. Iprito ang pitso.

Hindi kailangang magpatay agad ng dalawang manok upang makuha ang pitso. Nakakabili na ngayon ng mga bahagi ng manok na hiwa-hiwalay—kung alin ang kailangan.

MANOK A LA BINONDEÑA

Linisin ang inahin at hiwain sa gustong laki. Iprito sa mantika at ilagay sa isang kaserola. Timplahan ng toyo, katas ng kalamansi at 12 maliliit na sibuyas bumbay, na tinalupan nguni't hindi hiniwa. Takpan ang kaserola at pakuluan hanggang sa lumambot ang manok. Manaka-nakang titimplahan ng toyo at katas ng kalamansi.

Ang iba pang maaaring isangkap, kung gusto, ay kabute, apulid, asparagus, gisantes, sitsaro at *carrot*.

MANOK NA MAY CURRY

1 manok, dumalaga
2 kutsarang curry powder
6 na kamote, katamtaman ang laki, pinagdalawa
3 hinog na kamatis
1 maliit na sibuyas bumbay
3 butil na bawang
1 kutsarang asin
1 kutsaritang vet-sin
4 na puswelong gata, malapot

1 puswelong tubig
3 kutsarang langis-pamprito

Hiwain ang manok sa katamtamang laki ang mga piraso. Budburan ng *curry powder*. Igisa ang bawang, kamatis at sibuyas. Isunod ang manok at tubig. Idagdag ang gata at ipagpatuloy ang pagluluto. Kapag luto na ang manok ay ihalo ang kamote. Timplahan ng asin at *vet-sin*.

NILAGANG MANOK

1/2 maliit na inahin
1 librang kastanyas, tinalupan
1 kutsarang gawgaw
10 paminta, buo
1 kutsarang langis-pamprito
2 kutsarang toyo
4 na tangkay ng sibuyas na mura
4 na puswelong tubig

Hiwain ang manok sa pirasong gusto. Pakuluan sa tubig nang isang oras. Idagdag ang kastanyas, langis at toyo at bayaan pa sa apoy na atay-atay sa loob ng 45 minuto. Timplahan ng paminta at hiwaan ng sibuyas na mura bago ihain.

PAKAM

1 manok
1 kutsarang asin
2 kutsarang mantika
2 sibuyas
1 kutsarang patis
6 na labanos
1/2 puswelong suka
1/2 kutsaritang paminta
2 kamatis
1 puswelong tubig

Hiwain ang manok sa mga kasukasuan. Lutuin sa suka, asin, paminta at bayaang matuyuan. Alisin ang buto at hiwain ang laman. Hiwaing maliliit ang labanos at sibuyas. Tadtarin ang kamatis. Igisa ang bawang sa mantika at isama ang sibuyas, kamatis, patis at laman ng manok. Bayaang kumulo nang 2 minuto. Idagdag ang tubig. Kapag nangangalahati na ang tubig sa kakukulo, isama ang labanos at pakuluan pa hanggang sa maluto.

MANOK SA PINYA

2 pitso ng manok
2 kutsarang arina
1 kutsarang asin
1/4 na kutsarang paminta, dinikdik
1 latang hiniwang pinya, #2
3 kutsarang langis-pamprito
2 kutsarang toyo
1 kutsarang vet-sin
2 kutsarang suka

Alisin ang buto at balat ng pitso ng manok. Budburan ng arina, asin, paminta at *vet-sin*. Itabi.

Patuluin ang pinya at hiwain sa laking tig-isang pulgada. Samahan ng bahagyang katas at itabi ang 1/2 puswelo ng katas na pinatigis.

Initin ang langis sa kawali at bayaan dito ang manok nang limang minuto. Isama ang pinya. Takpan at bayaang kuluan nang limang minuto pa.

Pagsama-samahin ang toyo, arina, suka at ang nalalabing katas ng pinya. Ibuhos sa manok at bayaang kumulo hanggang sa lumapot ang sabaw.

PUTSERONG MANOK

nilagang manok
1 maliit na repolyo
2 patatas, pinag-apat
2 tsoriso, hiniwa sa laking nais
1 butil na bawang, pinitpit
2 hiwang tusino o hamon
8 kutsarang mantika
1/2 kilong baboy
6 na saging, saba

5 kamatis na hinog o 1 latang tomato sauce

1 sibuyas, ginayat

3/4 na puswelong garbansos, nilaga

asin

Kung hindi nalabing nilaga ang iluluto, ilaga ang manok na kasama ang hamon o tusino at ang tsoriso. Timplahan ng asin. Alisin sa sabaw ang hiwa-hiwang laman ng manok. Dito naman ilagay ang repolyo at patatas. Ilagang bukod ang saging.

Igisa sa mantika ang bawang, sibuyas at kamatis o *tomato sauce*. Isunod ang manok at baboy at lagyan ng sabaw na sapat lamang upang maging malapot. Timplahan uli ng asin o patis. Idagdag ang garbansos. Ihaing kasama ang repolyo, patatas at saging.

MANOK SA SUPOT

2 dumalaga na may timbang na 2 libra ang isa

6 1/2 onsang laman ng alimasag, hinimay

1 1/2 puswelong hiniwang sibuyas

1/3 puswelong kanin

1/2 kutsaritang asin

1/4 na kutsaritang pulbos ng celery

Pagsama-samahin ang lahat ng sangkap at ipaloob sa manok. Sarhan ng palito ang hiwa ng manok.

Sa isang supot ay pagsama-samahin naman ang sumusunod:

1/2 puswelong arina

1 kutsaritang asin

1/2 kutsaritang pulbos ng celery

1/2 kutsaritang paprika

Isa-isang ilagay sa supot ang manok at aluging mabuti upang mabalutan ng laman ng supot ang buong katawan. Pagkatapos ay pahiran ng langis na pamprito. Ilagay naman sa isa pang supot na may lamang 2/3 puswelong linga. Alugin uli.

Isalang sa parilya ng hurno ang manok at ipasok sa isang malaking supot. Sarhang mabuti. Ipasok sa pugon na may init na 325° F at bayaang 1 oras at 20 minuto. Sa loob ng sandaling iyon ay huwag bubuksan ang pugon. Pagkaluto, bayaan munang 15 minuto bago alisin sa supot.

TINUTUNGAN

2 dumalaga

2 puswelong gata

2 siling pula

asin at pamintang panimpla

1/2 puswelong kakang-gata

2 puso ng saging

kapirasong luya

3 butil na bawang

mantika

Hiwain ang manok sa pirasong gusto. Hiwaing pino ang puso ng saging at lamasin sa asin. Hugasang mabuti. Initin ang mantika at igisa ang bawang, luya at manok. Isunod ang gata. Pagkulo ay idagdag ang puso ng saging at bayaan sa atay-atay na apoy hanggang maluto ang manok. Idagdag ang hiniwang sili. Isunod ang kakang-gata at pakuluan hanggang maluto. Timplahan ng asin at paminta.

Ang mga paa at ulo ng manok ay huwag itatapon. Isama iyon sa paglalaga ng buto ng gagawing sopas.


LUMPIYA AT PANSIT

8. ANG PAGLULUTO NG LUMPIYA AT PANSIT

ANG PANSIT ay isang lutuing hiniram natin sa mga Intsik, nguni't ngayon ay bahagi na ng pag-Pilipino. Isang buo at ganap na pagkain sa kanyang sarili, ang pansit ay ginagawang sagisag sa salu-salo, lalo pa at sa kaarawan — iyon ang sinasabing simbolo ng mahabang buhay.

Ang karaniwang pansit ay maaaring bihon o miki, *spaghetti*, sotanghon, at wala mang bihon o miki, ay pansit molo, na may sariling sangkap.

Sa kabilang dako, bagama't hiniram din natin sa mga Intsik ang lumpiyang Shanghai, may sarili rin tayong paraan ng pagluluto ng lumpiya.

Maaaring sariwa o pinirito, ang ating lumpiya ay iba-iba rin ang magagawang palaman, ayon sa gusto ng kakain.

PANSIT MOLO

1/2 puswelong baboy, giniling
1 puswelong laman ng manok, inilaga at hinimay
1/2 puswelong hipon, hinalabos at hiniwang maliliit
1/2 puswelong apulid Intsik o singkamas, hiniwang maliliit na pakuwadrado
1 sibuyas bumbay, hiniwang pino
1 kutsarang sibuyas na mura, hiniwang pino
1 itlog
patis at paminta
ilang butil na bawang, dinikdik mantika

Paghalu-haluin ang mga sangkap at timplahan ng patis at paminta. Hatiin. Itabi ang kalahati at igisa ang kalahati sa mantika, bawang at sibuyas. Isunod ang mga sangkap at sabawan ng pinaglagaan ng manok, 2 tasa. Pakuluin at ihulog na isa-isa ang Pansit Molo. Bayaang kuluan pa nang 15 minuto.

BALUTAN NG PANSIT MOLO

2 tasang arina
3 pula ng itlog ng manok
1/4 na kutsaritang asin, pino
1/2 tasang tubig

Salain ang pinaghalong arina at asin. Gumawa ng hukay sa gitna at ilagay ang pula ng itlog. Dahan-dahang haluin ng mga daliri at unti-unting ihalo ang tubig. Masahin ang mga sangkap hanggang sa maging pantay ang salat. Ilatag sa sangkalang malapad na binudburan ng arina at pagulungan ng *rolling pin* o boteng bilog ang katawan. Ulit-ulitin ito hanggang sa maging manipis na tila papel ang masa. Hiwa-hiwaing pakuwadrado sa laking hustong balutin ang 1 kutsaritang palaman.

SA PAGGAWA NG PANSIT MOLO:

Lagyan ng 1 kutsaritang sangkap na itinabi at hindi iginisa, ang gitna ng bawa't pambalot. Ilupi at tipiin ang mga gilid upang hindi sumabog ang laman, bago ihulog sa kumukulong sabaw.

Maliliit na triyanggulo o tatsulok ang anyo ng Pansit Molo kapag na itupi na.

PANSIT GISADO

1 kilong miki
1/2 puswelong laman ng nilagang manok, hinimay
1/2 puswelong halabos na hipon, tinalupan
1/2 puswelong baboy, hiniwang maliliit at nilaga

1/2 puswelong hamon, hiniwang maliliit
1 puswelong repolyo, hiniwang maliliit
limon, hiniwa
3 kutsarang toyo
4 na butil na bawang, hiniwang pino
1 sibuyas, ginayat
1 puswelong katas ng hipon
1/2 puswelong sabaw ng manok
asin
paminta

Iprito nang magkakahiwalay ang bawang, sibuyas, hipon, baboy, manok at hamon. Ilagay sa magkakabukod na sisidlan upang gamitin sa pagpapalamuti sa pansit ang kalahati, at ang kalahati ay pagsama-samahin at timplahan ng toyo, asin, katas ng hipon at paminta. Pakuluang 5 minuto. Isunod ang repolyo, haluing mabuti at bayaan sa apoy hanggang sa halos ay matuyo.

Banlian ang miki at isangag sa mantika. Isama rito ang mga sangkap. Kapag ihahain na ay ilagay sa ibabaw ang ibinukod na sahog. Lagyan ng hiniwang limon o kalamansi.

MIKI AT ATAY NG MANOK

3/4 na libra ng miki
3/4 na libra ng atay ng manok
4 na kutsarang langis-pamprito
1/2 puswelong dinurog na kesong pula
1 malaking lata ng kamatis
1 puswelong gisantes
1 ulong bawang, dinikdik
asin

Tadtarin ang atay at iprito sa langis. Isunod ang bawang, asin, paminta at kamatis. Takpan at pakuluang 40 minuto. Idagdag ang gisantes at bayaang kumulo uli nang 20 minuto.

Samantala, banlian ng tubig na may timplang asin ang miki. Patuluhin at iayos sa isang bandehado. Ibuhos dito ang inihandang mga sangkap. Budburan ng dinurog na keso.

PANSIT MANOK

6 na guhit na bihon
1/2 puswelong nilagang laman ng manok, hiniwang maliliit na pakuwadrado
2 puswelong malapot na sabaw ng manok
1/2 puswelong biskotso, may mantekilya

Banlian ang bihon ng kumukulong tubig na may timplang asin. Patigisin. Ilagay ang bihon sa isang hulmahan o liyanera. Ipatong dito ang manok at ibuhos ang malapot na sabaw. Ibudbod ang dinikdik na biskotsong may mantekilya at ilagay sa hurnong may init na 350° F. Bayaang 20 minuto.

PANSIT LANG-LANG

1/2 kilong hipon, tinalupan asin at pamintang panimpla
2 pula ng itlog
1/4 na puswelong hiniwang sibuyas na mura
sinsal
langis-pamprito
1/3 kilong giniling na baboy
3 kutsarang gawgaw
4 na kutsarang sibuyas, tinadtad
1/4 na kilong bihon, binanlian
1/2 kilong repolyo, binanlian at hiniwang maliliit na mahahaba
2 1/2 puswelong hinimay na laman ng nilagang manok
1/2 kilong baboy, nilaga at hiniwang maliliit
itlog na nilaga
sitsaron
12 puswelong sabaw ng butong nilaga

Pagsama-samahin ang hipon, asin, paminta, pula ng itlog at sibuyas na mura. Balutin sa sinsal at iprito. Itabi.

Isama sa giniling na baboy ang 1 itlog, gawgaw, sibuyas, asin at paminta. Gawing bola-bola at iprito. Itabi.

Igisa ang sibuyas, baboy na hiniwang maliliit, laman ng manok at timplahan. Isunod ang sabaw. Kapag kumukulo na ay isama ang miki at bihon. Hinaan ang apoy.

Ang hipong binalot sa sinsal ay hiwaing maliliit. Ihalo sa pansit. Gayon din ang bola-bolang baboy. Isama rin ang repolyo at sitsarong hiniwang maliliit. Bago ihain ay hiwaan ng itlog na nilaga sa ibabaw.

PANSIT NA MAY SABAW

1/2 puswelong repolyo
1/2 puswelong patola
2 kutsarang hamon, tinadtad
2 kutsarang toyo
1 puswelong katas ng hipon
3 'ikot' ng miki
3/4 na puswelong halabos na hipon
1 puswelong sabaw na pinaglagaan ng hamon
1 kutsarang tinadtad na bawang
1 sibuyas bumbay, ginayat
paminta
1/2 kutsarang asin
1 puswelong laman ng manok hinimay
1/2 puswelong baboy, nilaga at hiniwang maliliit
1/2 puswelong hiniwang longganisang makaw

Hiwain ang repolyo, tulad kung igigisa; ang patola ay pakuwadradong maliliit. Igisa ang bawang, sibuyas, hipon, baboy, manok at longganisa. Timplahan ng toyo at katas ng hipon. Bayaang kumulo nang 4 na minuto. Isunod ang patola at repolyo at bayaang kumulo uli hanggang sa maluto nang bahagya ang patola. Isunod ang miki. Bayaan sa apoy nang 5 minuto pa.

PANSIT TAGALOG

2 puswelong hibe
3 kalamansi
1/2 kilong spaghetti
2 alimango
1 taling sibuyas na mura
3 nilagang itlog
2 kutsarang mantika
1/2 kilong baboy, nilaga at hiniwang maliliit
1 sibuyas, ginayat
3 butil na bawang
3 kahong macaroni
patis
paminta

Himayin ang halabos na alimango. Dikdikin ang hibe at kunin ang katas. Igisa ang bawang. Itabi. Igisa naman sa pinaggisahan ng bawang ang sibuyas at baboy. Isunod ang laman ng alimango at pinaglagaan ng baboy at timplahan ng patis. Idagdag ang *spaghetti* at *macaroni*. Hiwain ang sibuyas na mura at ilagay bago hanguin. Iayos sa bandehado at lagyan ng palamuting hiniwang nilagang itlog at wansoy, kung mayroon. Pigaan ng kalamansi.

LUMPIYANG BANGUS

2 bangus, katamtaman ang laki
1 sibuyas bumbay
1 kahong pasas, maliit
3 kamatis
1 kutsaritang bawang, dinikdik
25 apa ng lumpiya
asin at paminta

Linising mabuti ang bangus at pakuluan. Himayin at ingatang may mapahalong tinik. Hiwain sa karaniwang paraan ang kamatis at sibuyas. Igisa ang bawang, sibuyas at kamatis. Isunod ang laman ng isda

at pasas. Timplahan ng asin at paminta. Itabi at palamigin nang bahagya. Ibalot sa apa at prituhin.

Ang sawsawan ay karaniwang bitso ng lumpiyang sariwa o ang may halong matamis at maasim na sarsa.

LUMPIYANG BARANGAY

1/2 puswelong giniling na baboy
2 onsang ginayat na kesong pula
1/4 na puswelong kamatis, tinadtad
1/2 kilong giniling na hipon
1 sibuyas bumbay, tinadtad
asin
paminta, dinikdik
apa ng lumpiya

Ihandang lahat ang sangkap bago simulan ang paggigisa. Igisa ang sibuyas at kamatis, at isunod ang giniling na baboy. Bayaang ilang minuto sa apoy. Idagdag ang giniling na hipon at keso. Pagkaluto ay hanguin at isalin sa isang bandehado. Ibalot sa apa ng lumpiya sa karaniwang paraan. Tiyaking hindi maluwag ang pagkakalulon. Iprito sa kumukulong mantika, sa mahinang gatong.

Ang sawsawan ay ang karaniwang inihahandang *agrio-dulce* o manamis-namis na maasim.

LUMPIYANG UBOD

1 pinggang ubod ng niyog, nilaga at ginayat
1/4 na kilong hipon
1/4 na kilong baboy, hiniwang maliliit
1/2 puswelong katas ng hipon
patis
1 sibuyas bumbay, ginayat
1 kutsaritang asukal

Talupan ang hipon at dikdikin ang ulo. Kunin ang katas. Itabi. Isalang ang baboy sa kaunting tubig at bayaang lumambot. Bayaang magmantika. Sa mantikang ito, igisa ang baboy, sibuyas at hipon. Timplahan ng patis. Isunod ang katas ng hipon. Bayaang kumulo. Idagdag ang ubod at hinaan ang gatong. Timplahan ng asukal at bayaang ganap na maluto.

Palamigin nang bahagya at ibalot sa apa ng lumpiya na may saping letsugas.

APA NG LUMPIYA

1 puswelong arina
2 itlog, binating mabuti
1/2 puswelong tubig na malamig
ilang butil na asin

Salain ang arina at asin at idagdag ang binating itlog. Haluing mabuti at unti-unting idagdag ang tubig. Tiyaking walang butil-butil na maiiwan.

Mag-init ng isang kawaling maliit at malalim. Basain ng mantika ang buong paligid. Ilagay ang hinalong arina, nang kaunti lamang sa bawa't paglalagay. Galawin ang kawali upang kumalat sa buong paligid nito. Baligtarin kapag tuyo na.

Tiyaking mahina ang apoy. Lalong mabuti kung uling ang gagamitin upang maging pantay ang init, nguni't mahina ang ningas.

BITSO O SARSA NG LUMPIYANG SARIWA

1 1/2 puswelong tubig
4 na kutsarang gawgaw
1/3 puswelong asukal na pula
1/2 puswelong toyo

Sa isang sisidlan ay paghalu-haluin ang mga sangkap na ito. Mag-init ng kaunting mantika at maggisa ng ilang butil ng dinikdik na bawang. Pamumula ay hanguin. Sa mantikang ito isaling unti-unti ang pinaghaluhalong gawgaw at tubig. Huwag titigilan ng halo upang hindi maging bugal-bugal. Bayaan sa apoy hanggang sa lumapot at luminaw.


Atsara

IKALAWANG BAHAGI

1. ATSARA AT BURO

ANG PAG-AATSARA at pagburo o pagtitinggal ng mga gulay ay lalong kapaki-pakinabang sa mga may sariling bakuran na pinaaanihan ng mga gulay na labis sa makakain o maipagbibili, tulad ng payang hilaw, manggang hilaw at kamyas. Ang mga walang sariling taniman ay makapagsasamantala naman sa panahong murang-mura ang mga gulay at prutas na nasa panahon upang ang mga iyon ay maimbak nang magamit o makain sa ibang araw na wala sa panahon ang mga nabanggit.

Gayon man, hindi lamang mga gulay at prutas na hilaw ang maaaring tinggalin o buruhin, kundi maging isda, alamang, hipon o baboy.

ATSARANG KANGKONG

3 puswelong kangkong, pinutol na tig-2 dali ang tangkay, nakahiwalay ang dahon
1/2 puswelong suka
1/2 puswelong tubig
1 pirasong luya, hiniwang maliliit
1 sibuyas, hiniwa
2 kutsarang asukal
asin
pamintang buo

Pagsama-samahin ang lahat ng sangkap maliban sa kangkong. Ilagay sa isang kaserola at pakuluan nang hindi hinahalo. Ihulog ang mga tangkay at bayaang kuluan. Kapag lanta na ay isunod ang dahon. Takpan at bayaang sumulak na minsan. Hanguin at palamigin.

ATSARANG LABANOS

Talupang manipis ang labanos. Hiwaing manipis na manipis. Budburan ng asin at lamasin. Banlawan at pigaing mabuti. Magtimpla ng suka at asin at ilagay dito ang labanos. Itabing isang oras. Pagkatapos niyon ay maaari nang ihain.

Huwag tatakpan upang huwag makulob ang amoy. Lalong huwag itatago sa repriheradora. Maluluom dito ang amoy at idadamay ang ibang pagkain.

ATSARANG MANGGA

2 manggang hilaw, katamtaman ang laki
1/2 puswelong asukal
1 puswelong tubig
1 kutsarang asin
1 siling pula

Hiwaing patapyas at manipis ang mangga. Tadtarin ang sili. Ilagay sa tubig ang asukal at pakuluin. Kapag malapit nang magpunto ay ilagay ang mangga, sili at asin. Bayaang kumulo nang limang minuto. Hanguin.

Pakuluan ang garapong pagtatagu-an. Iayos dito ang atsara. Kung may repriheradora ay dito lalong mabuting itago. Paglamig ay maaari nang ihain.

ATSARANG BALAT NG PAKWAN

Lahat ng bahaging berde ng balat ay tapyasin at hiwaing tig-1 pulgada ang haba. Kung gaano karami ang balat ay gayon karaming tubig ang ihanda: kung kalahating galon ang balat ay kalahating galon din ang tubig. Tunawin dito ang 3/4 na puswelong asin at ibuhos sa balat. Sa ibabaw nito ay ilagay ang kalahating galong tinilad na yelo at takpan. Ipasok sa repriheradora at bayaang magdamag.

Kinabukasan ay itapon ang tubig at banlawan ang balat ng pakwan. Ila-

kay sa bagong tubig at isalang. Bayaang maluto. Patigisin.

Maghanda ng anim na puswelong asukal, 4 na puswelong suka, 3 puswelong tubig, 6 na pirasong kanela, 2 kutsarang klabo at 1 kutsaritang durog na luya. Pagsama-samahing nakatali sa kapirasong tela ang mga pekado at isama sa pagpapakulo ng tubig, asin, suka at asukal. Isalin ang halu-halong ito sa balat at pakuluan uli hanggang sa luminaw ang balat ng pakwan. Dagdagan ng tubig kung napakalapot ang sabaw.

ATSARANG PAPAYA

2 papayang hilaw, ginadgad
1 pirasong luya, 1 pulgada ang haba, hiniwang maliliit na mahahaba
20 sibuyas-Tagalog, tinalupan
1 siling pula, hiniwang maliliit
1 ulo ng bawang, ginayat ng maliliit
asin
suka
asukal

Lamasin sa asin ang ginadgad na papaya at pigaing mabuti ang titigis na katas. Isama sa papaya ang lahat ng iba pang lahok na gulay. Kung gusto ay maaaring samahan ng pasas. At kung nais ng maanghang, samahan ng siling pamaksiw. Iayos sa pag-iimbakang bote o garapon.

Sa paghahanda ng pamburo, tiyaking ang suka ay maasim at timplahin sa gustong lasa na nag-aagaw ang tamis at asim. Pakuluan nang hindi ninahalo. Salain at palamigin. Ito ang ibuhos sa papaya. Sundut-sundutin ng kutsara ang paligid ng garapon o bote upang matiyak na walang maiiwang hangin.

Maaaring ihain kinabukasan. Magtatagal ang atsarang ito, lalo pa at sa repriheradora itatago.

ATSARANG SANTOL

12 santol, karaniwang laki
1 puswelong sibuyas-Tagalog pasas, 1 kahong maliit
1 ulong bawang
1 puswelong siling pula o berde o magkasama, hiniwang manipis at pahaba
2 puswelong suka
kapirasong luya
asukal
asin

Hugasan ang santol at pakuluan sa kaunting tubig sa loob ng hindi kukulangin sa 10 minuto. Palamigin ito bago talupan at hiwaing tig-apat na piraso. Alisin ang buto. Hiwaing manipis ang bawang at luya. Isama ang mga ito sa santol. Isunod ang sibuyas, sili at pasas.

Timplahin ang suka, asin at asukal ayon sa gustong asim at tamis. Pakuluin at ibuhos sa mga sangkap na nakaayos na sa garapon. Takpan at bayaang maimbak. Sa ikatlong araw ay maaari nang ihain.

ATSARANG SAYOTE

1 1/2 kilong sayote, tinalupan at hiniwang mahahabang manipis
20 sibuyas-Tagalog, tinalupan
1 siling pula, hiniwang mahahabang manipis
2 carrot, tinalupan at hiniwang tulad ng sili
1 pirasong luya, hiniwang maliliit

Banlian ang garapong paglalagyan at patuyuing mabuti. Dito iayos ang gagawing atsara.

Asnan ang sayote at pigain. Isama ang iba pang sangkap at ilagay sa isang sisidlang may takip. Ang timbaran ay tulad ng sumusunod:

2 puswelong suka
1 1/2 puswelong asukal
2 kutsaritang asin

Pakuluan ang magkakahalong sangkap. Salain bago ibuhos sa sayote. Tiyaking walang maiiwang hangin sa sisidlan sa pamamagitan ng pagsaksak ng kutsilyo sa paligid ng sisidlan. Makikita naman ang bulang tatapon. Takpang mabuti. Ihain kinabukasan.

ATSARANG SILI

12 siling malalaki, berde
12 siling malalaki, pula
12 sibuyas-Tagalog
2 puswelong suka
1/2 puswelong asukal
3 kutsarang asin

Biyakin ang mga sili, alisin ang buto, hugasan at hiwaing mahahabang manipis. Talupan ang sibuyas at biyakin. Ilagay sa isang sisidlan at buhusan ng kumukulong tubig. Bayaan sa loob ng 5 minuto. Patigisin pagkatapos.

Iayos sa paglulutuan at isama ang suka, asin at asukal. Pakuluan hanggang sa malanta ang sili at sibuyas. Isalin sa pag-iimbakan habang mainit.

BURONG MUSTASA

10 puno ng mustasa
1 dakot na asin
1/2 puswelong hugas-bigas

Piliin ang mga punong hindi pa namumulaklak. Alisin ang ugat. Hugasan. Ipagpag upang maalis ang tubig. Asnan at lamasin upang kumatas. Bayaang 5 minuto. Hugasan.

Pakuluin ang hugas-bigas at palamigin. Budburan uli ng asin ang mustasa at iayos sa isang garapon. Ibuhos dito ang hugas-bigas. Tiyaking nakalubog ang mustasa sa tubig. Bayaang 2 araw.

Makakain bilang pampagana. Maaari ring ilahok sa itlog o sa ginisang isda sa miso.

BAGOONG NA ITLOG NG ISDA

1 1/2 puswelong itlog ng isda, banak o dalag
1 1/2 puswelong asin
1/2 puswelong suka
1/2 puswelong angkak

Asnan ang mga itlog ng isda at imbakin sa isang garapon. Takpan nang mahigpit. Pagkaraan ng 3 araw ay lagyan ng suka. Dikdikin ang angkak at isama rin dito.

Maaaring kaining hilaw na may lahok na katas ng kalamansi o maigigisa sa mantika at bawang.

BAGOONG NA TALABA

1/2 puswelong talabang wala nang balat
1/2 kutsarang asin

Linising mabuti ang talabang inalis sa balat. Lalong mabuti kung tubig-dagat ang gagamitin upang mapanatili ang lasa ng talaba. Patigisin. Asnan at imbakin sa boteng may mahigpit na takip.

Kinabukasan ay maaari nang kainin. Igisa sa mantika at sibuyas.

BALAW-BALAW

1/2 kilong hipon, kung maaari ay mga luno o ang malambot ang balat
1 puswelong bigas na niluto sa 2 puswelong tubig
2 kutsarang asin

Asnan ang hipon at bayaang magdamag. Isaing ang bigas at palamigin. Paghaluin ang hipon at sinaing at imbakin sa isang sisidlang may takip. Bayaang 3 hanggang 5 araw o hanggang sa umasim.

Igisa sa bawang, sibuyas at kamatis bago ihain. Timplahan ng suka kung gusto ang higit na maasim.

BINURONG BABOY

2 paa ng baboy, hiniwang tig-4 na piraso
1 kutsarang toyo
1 kutsarang arina
1 kutsarang asin
3/4 na puswelong asukal na pula
1 puswelong suka
1 puswelong tubig
1 kutsaritang wiski
1 pirasong luya
1 kutsaritang vet-sin

Pagsama-samahin ang mga sangkap sa isang palayok. Isalang sa atay-atay na gatong sa loob ng 2 oras, o hanggang sa lumambot ang baboy. Kapag malambot na ay hanguin at palamigin bago hiwain sa pirasong gusto.

BURONG ISDA

1 dalag, katamtamang laki
1 puswelong bigas
2 puswelong tubig
1 kutsarang angkak
asin

Linising mabuti ang isda at postahin. Asnang mabuti at bayaang magdamag. Isaing ang bigas. Pagkaluto ay hanguin at palamigin. Dikdikin ang angkak at ihalo sa kanin. Pagsamahin ang kanin at isda at imbakin sa isang sisidlang may lapat at mahigpit na takip. Bayaang mula sa 3 hanggang 5 araw o hanggang sa mangasim.

Kung gusto nang kainin ay igisa sa 2 kutsarang langis-pamprito ang isang butil ng pinitpit na bawang at tinadtad na sibuyas at kamatis. Isama ang burong isda. Kung gusto nang higit na maasim ay timplahan ng kaunting suka. Kung napakalapot ay dagdagan ng tubig.

BURONG ITLOG

Maglaga ng itlog ng manok, pato o pugo. Palamigin sa tubig na malamig matapos na hanguin sa pinaglutuan. Talupan. Ibabad sa pagbuburuhan.

1 puswelong suka
1/2 puswelong asukal na pula
1 kutsarang asin
ilang butil na bawang, hiniwang manipis
sibuyas-Tagalog, tinalupan
siling pula, hindi maanghang
ilang butil na paminta

Pagsama-samahin ang mga sangkap at pakuluang 10 minuto. Dito ilagay ang itlog at pakuluang 4 na minuto. Imbakin sa isang boteng mahigpit ang takip.

Ensaladang Hipon

2. ENSALADA

ANG ENSALADANG gulay o prutas ay lalong nakatatakam sa mga araw ng tag-init, at dito sa ating bayan na dadalawang uri lamang ng panahon ang nadarama, maging malamig o mainit, ay lubhang kinagigiliwan ang ensalada. Hindi lamang nagbibigay ng pang-akit ang hapag na may nakahaing ensalada, kundi malaki rin ang naitutulong sa pagpapanatili ng kalusugan. Ang ensalada ay higit na kailangan ng kababaihang nag-aalaga sa kanilang timbang at sukat.

Gulay man o prutas, higit na kasiya-siyang ihain ang ensaladang pinalamig muna. Sa mga malalaking pagtitipon, ang ensalada ay inihahain upang ipang-alis-suya at magbigay gana sa pagkain.

ENSALADANG BUKO

1 lata ng fruit cocktail, **pinatulo**
4 na buko, malakanin, ginayat
1 lata ng gatas na malapot
1/2 puswelong buto ng kasoy, biniyak
1 maliit na supot ng marshmallows

Pagsama-samahin ang lahat ng sangkap sa isang *salad bowl* at palamigin. Bago ihain ay lagyan ng palamuting *cherries*.

ENSALADANG BUNGANG-KAHOY

1 hinog na papaya, katamtaman ang laki, hiniwang pakuwadrado
25 saging na lakatan, hiniwang pahilis, manipis
3 kutsaritang katas ng kalamansi
1 puswelong asukal
1 malaking lata ng gatas kondensada

Itabi ang hiniwang papaya. Ibabad sa katas ng kalamansi ang saging upang hindi mamula. Paghaluin pagkatapos ang saging at papaya. Idagdag ang asukal at gatas. Palamigin o ilagay sa repriheradora.

PAPAYA JUMBO

2 puswelong hinog na papaya
2 puswelong melokoton o peaches
1 puswelong malapot na gatas o krema
1 1/2 puswelong litsiyas
2 puswelong fruit cocktail
2 puswelong pinya
1/2 puswelong asukal
1/2 puswelong gatas kondensada

Hiwaing maliit na pakuwadrado ang mga prutas. Pagsama-samahin at patigisin. Isalin pagkatapos sa isang sisidlan at ihalo ang krema, gatas at asukal. Palamigin sa repriheradora.

Isalin sa pinutol na papaya na inuka ang laman. Tapyasan ang dulo upang mailapag sa mesa.

ENSALADANG PINYA

1 pinya, kung sariwa (1 lata, kung minatamis)
2 puswelong hiniwang kahit na anong prutas na nasa panahon
mayonesa

Kung sariwang pinya ang gagamitin, biyakin iyon at kunin ang laman. Ihalo sa iba pang prutas. Sa balat na ito ilagay ang iba pang sangkap, pati ang mayonesa. Haluing kaunti. Palamigin muna bago ihain.

Kung minatamis ang pinya, maiaayos ang ensalada sa mga sisidlang may anyo ng biniyak na pinya.

ENSALADANG KAMATIS AT LETSUGAS

6 na kamatis, hinog
letsugas
6 na kutsarang mayonesa
2 nilagang itlog

Alisan ng balat ang kamatis at ipasok sa repriheradora upang lumamig. Bago ihain ay saka lamang hiwaan ng 2 ulit, pinagkurus, nguni't huwag paghiwalayin. Ibuka. Bawa't kamatis ay lagyan ng 1 o 2 hiniwang dahon ng letsugas. Lagyan ng 1 kutsarang mayonesa ang bawa't gitna ng kamatis.

Talupan ang itlog, pag-apatin at ilagay sa gitna ng bawa't kamatis ang isang piraso.

ENSALADANG KAMYAS

20-30 kamyas
1 puswelong hipong uluhan, halabos
3 kamatis na hinog, katamtaman ang laki
asin
paminta
asukal
suka

Hugasang mabuti ang kamyas at hiwaing pabilog, manipis. Tadtarin ang kamatis at isama sa kamyas. Haluin sa isang malaking sisidlan. Ihalo ang hipon at timplahan ng asin, suka, paminta at asukal.

Maaaring ipamalit sa uluhan ang alamang o hibeng binanlian at dinikdik hanggang sa lumambot.

ENSALADANG KATURAY

Ang katuray ay isa sa lalong kilalang bulaklak na ginagawang ensalada. Binabanlian at tinitimplahan ng suka, asin at asukal, ang katuray ay maaari ring haluan ng sibuyas upang lalong mapaiba ang lasa. Kung hindi ensalada, ang katuray ay nailalahok sa bulanglang.

ENSALADANG GUAGUEÑA

1 malaking ulo ng letsugas Baguio
sibuyas, hiniwang pabilog
kamatis, hiniwang pabilog
patatas, inilaga at hiniwang pakuwadradong maliliit
halabos na alimasag, hinimay
halabos na hipon, tinalupan
nilagang itlog ng manok, hiniwa

Ibabad sa tubig na may yelo ang letsugas sa loob ng 1 oras at patuluin. Paghiwa-hiwalayin ang mga dahon at putul-putulin. Iayos sa isang sisidlan. Ipaibabaw ang iba pang mga sangkap. Bago ihain, buhusan ng *French dressing*.

ENSALADANG LETSUGAS

letsugas
1 sibuyas bumbay, hiniwang pabilog
2 itlog na maalat o nilagang itlog, hiniwa
3 kutsarang suka
1/2 kutsaritang asin
1 kutsarang asukal
langis pang-ensalada
2 kamatis na hinog, hiniwang pabilog

Paghiwa-hiwalaying isa-isa ang dahon ng letsugas at hugasang mabuti. Patuluin at palamigin sa repriheradora upang maging malutong. Ihanda ang kamatis at sibuyas. Gumamit ng kutsilyong matalim upang hindi kumatas ang kamatis at nang mahiwang maayos ang sibuyas. Hiwaing ga-dali ang letsugas at iayos sa isang sisidlan. Sa ibabaw niyon ay iayos ang sibuyas at kamatis. Saka gawing palamuti ang hiniwang itlog.

Pagsama-samahin ang suka, asin at asukal, gayon din ang langis na ang dami ay batay sa kagustuhan ng kakain. Haluing mabuti. Isama sa letsugas sa oras na lamang ng pagkain upang hindi malanta ang mga gulay.

Maaari ring ihalili ang *French dressing*, na makikita sa isang bahagi nitong aklat.

ENSALADANG BULAKLAK NG MALUNGGAY

Ang malunggay, na karaniwang ang dahon ang inilalahok sa tinola at bulanglang, ay may bulaklak ding nagagawang ensalada. Binabanlian, kasama ng talbos ng kamote at kulatding ng ampalaya, ito ay nagagawang masarap na ensalada.

ENSALADANG HIPON

1/2 kilong hipong suwahe, halabos at tinalupan
2 kahon ng makaroni, nilaga
1/2 puswelong tinadtad na sibuyas-Tagalog
1/2 puswelong atsarang pipino, hiniwang maliliit
1 malaking lata ng pinya, hiniwa
4 na puswelong mayonesa

Pagsama-samahin ang lahat ng sangkap. Ipatong sa mga dahon ng letsugas paghahain sa bandeha. Lagyan ng palamuting asparagus at hipong buo. Palamigin.

Ang saging ay isang palagiang bahagi ng hapag-Pilipino: maging himagas na sariwa, minatamis, o ginawang iba-ibang uri ng minandal.

ENSALADANG ISDA

2 puswelong isda, binanlian
1 puswelong celery, hiniwang pakuwadrado, maliliit
1/2 puswelong mayonesa
asin

Himayin ang isda. Alisin ang lahat ng tinik. Isama sa *celery* at mayonesa. Timplahan ng asin at paminta. Ihaing may palamuting letsugas sa paligid.

ENSALADANG HIPON AT GISANTES

2 puswelong halabos na hipon
mayonesa
celery, hiniwang maliliit na pakuwadrado
4 na nilagang itlog
1 puswelong gisantes, binanlian
letsugas

Talupan ang hipon. Paghalu-haluin ang lahat ng sangkap. Kapag ihahain na ay ilagay sa ibabaw ng dahon ng letsugas.

ENSALADANG MACARONI

Ang sumusunod na resipe ay husto sa 4 katao at madaragdagan ayon sa bilang ng inanyayahan.

3 puswelong elbow macaroni
2 kutsarang ginayat na sibuyas bumbay
1 puswelong kesong pula na hiniwang pakuwadrado
mayonesa
letsugas

Iluto ang macaroni sa karaniwang paraan. Paghaluin ito, ang sibuyas at keso. Ihalo ang mayonesa. Kung ihahain ay ipatong sa mga dahon ng letsugas.

ENSALADANG PATATAS

6 na patatas, karaniwan ang laki
1 1/2 kutsaritang asukal
1/2 kutsaritang asin
1/2 kutsaritang pinulbos na mustasa
1/4 na kutsaritang paminta
3 kutsarang suka
1 1/2 puswelong sour cream, **nabibili sa groserya**
1/2 puswelong pipino, hiniwang maliit
kaunting paprika
dinurog na bawang

Ilaga ang patatas at hiwain bago lumamig.

Paghalu-haluin ang asukal, asin, mustasa, paminta, suka, *sour cream* at kaunting dinurog na bawang. Isama ang pipino at ibuhos sa ibabaw ng hiniwang patatas. Haluing mabuti at isalin sa isang sisidlang hindi mababasag sa init ng pugon. Budburan ng *paprika* ang ibabaw. Ipasok sa hurnong may init na 250° F sa loob ng kalahating oras.

ENSALADANG HAMON AT PATATAS

4 na puswelong patatas, inilaga at hiniwang pakuwadradong maliliit
2 puswelong hamon, hiniwang maliliit
1 kutsaritang asin
1/2 puswelong mayonesa
1/2 puswelong gisantes
1/2 puswelong tinadtad na sibuyas na mura
1/4 na puswelong pickle relish
1/4 na kutsaritang paminta
letsugas

Pagsama-samahin ang patatas, hamon, gisantes, sibuyas at *pickle relish*. Budburan ng asin at paminta at isama ang mayonesa. Palamigin sa repriheradora. Ipatong sa letsugas bago ihain.



Ang pagpiga sa ginadgad na hilaw na papaya sa pamamagitan ng mga daliri ay higit na mabisa upang alisin ang pait at pakla sa gagawing atsara.

3. KANIN

ANG PANGUNAHING pagkain natin ay kanin, nguni't sa panahon ngayon, hindi lamang ang karaniwang sinaing ang inihahain sa ating mga hapag. Iba-iba rin ang paraan ng pagluluto ng kanin, na ang ilan ay hiniram natin sa kusinaan ng ibang bansa, nguni't sa katagalan ay inari na nating atin, at bihirang pagtitipon ang hindi nagdudulot.

Ang pang-araw-araw na lugaw ay kinuha natin sa Tsina at ang *arroz caldo* ay hiniram naman sa Espanya, gayon din ang *Arroz a la Valenciana*. Nguni't ito ay may iba-iba ring bersiyon na nagpasalin-salin na sa mga kusinaan.

ARROZ A LA VALENCIANA

1 dumalaga, hiniwa sa karaniwang piraso
1/2 kilong baboy, hiniwang tulad ng manok
2 tsoriso, hiniwang maliliit
3 puswelong bigas, isinaing sa 3 puswelong tubig at 2 puswelong gata
1/2 puswelong langis-pamprito
6 na patatas, pinag-apat
2 butil na bawang, pinitpit
1 sibuyas, ginayat
asin
paminta
1 puswelong gisantes
siling pula, hindi maanghang, hiniwang mahabang manipis
1/4 na puswelong aseytunas
2 itlog na nilaga, hiniwa, ilang piraso

Asnan ang manok at baboy. Iprito. Itabi. Initin ang langis-pamprito at igisa ang bawang at sibuyas. Idagdag ang patatas, manok, baboy at tsoriso. Haluing mabuti. Takpan at bayaang kuluan hanggang sa maluto ang manok at baboy. Isunod ang siling pula, gisantes at aseytunas. Kapag luto na, sandukin ang ibang sabaw at itabi. Isama sa naluto nang mga sangkap ang sinaing at haluing mabuti. Isama ang inalis na sabaw, timplahan at hinaan ang gatong. Bayaan sa apoy hanggang sa halos ay matuyuan.

ARROZ MOLIDO

1/2 puswelong dinurog na keso
1 1/2 puswelong gatas
1 kutsarang mantekilya
1 puswelong bigas
asin
1 pula ng itlog

Pakuluan ang gatas at arina hanggang sa lumapot. Idagdag ang asin at pula ng itlog, at batihing mabuti. Ilagay sa isang hulmahan at dito ilagay ang bigas na hinugasan. Lagyan ng mantekilya ang ibabaw. Iluto sa hurnong may katamtamang init.

BRINGHE

2 kutsarang mantika o taba ng tsoriso
2 kiti, pinag-apat
2 tsoriso
2 butil na bawang, pinitpit
1 sibuyas bumbay, ginayat
katas ng luyang dilaw
1/2 puswelong bigas
1 puswelong malagkit
6 o 7 puswelong gata
1 dahon ng laurel
3 kutsarang patis
2 kutsaritang paminta
2 itlog, nilaga
siling pula, hiniwang maliliit

Tunawin ang mantika at igisa ang bawang at sibuyas. Isunod ang kiti at tsorisong hiniwa. Timplahan ng patis. Haluing mabuti.

Kapag ihahain na, lagyan sa ibabaw ng hiniwang itlog, siling pula at aseytunas.

ARROZ A LA CUBANA

1 malaking kamatis
1 puswelong bigas
1 sibuyas bumbay
3 saging na saba
2 piniritong itlog ng manok
1/2 librang karne
paminta
1/2 puswelong pasas
1/2 kutsaritang asin

Isaing ang bigas at itabi.

Gayatin ang sibuyas at kamatis at igisa sa mantika. Isunod ang pasas at ang hiniwang saging na saba. Ilaga ang karne, at kapag malambot na ay ilagay sa isang bandehado. Ipaligid dito ang iba pang sangkap. Sa ibabaw ng karne ay ilagay ang piniritong itlog.

Ihaing mainit.

ARROZ ESPAÑOL

6 na pirasong bacon, **tinadtad**
1 1/2 librang karne, giniling
1 puswelong bigas
1 sibuyas bumbay, tinadtad
1 kutsaritang asin
4 na puswelong tomato juice
1 kutsaritang paprika

Iprito ang *bacon* at itabi ang mantikang titigis. Igisa sa ibang mantika ang sibuyas at karne. Idagdag ang asin. Hugasan ang bigas, at patuluin. Isama ang 1/2 puswelo ng *tomato juice* at *paprika* sa karne. Isalin sa hulmahang minantikaan at iluto sa hurnong may katamtamang init hanggang sa lumambot ang bigas. Habang niluluto ay idagdag na unti-unti ang nalalabing *tomato juice*.

ARROZ A LA LUZEÑA

1 puswelong malagkit, sinaing
8 hipong halabos, tinalupan at biniyak
3 kutsarang nilagang laman ng manok, hinimay
3 kutsarang nilagang laman ng baboy, hiniwang pakuwadrado
1 siling pula at hindi maanghang, hiniwang maliliit
2 butil na bawang, dinikdik
1 sibuyas bumbay, hiniwang maliliit
2 kutsarang mantika
katas ng atsuwete
asin
paminta
3 itlog ng manok
saging na saba

Igisa ang bawang at sibuyas sa mantika. Isunod ang manok, baboy at hipon. Idagdag ang malagkit at timplahan ng asin, paminta at katas ng atsuwete. Ilagay sa isang hulmahan o liyanera na pinahiran ng mantika at isama ang 2 itlog na binati. Takpan ang liyanera at pasingawan nang mga 30 minuto.

Ilaga ang isa pang itlog at iprito ang saging na saba. Ihain sa isang bandehado ang *arroz* at ilagay na palamuti ang saging at hiniwang itlog.

Idagdag ang katas ng luyang dilaw at bayaang kumulo. Isunod ang bigas at malagkit, matapos hugasan. Haluing mabuti. Idagdag ang gata at bayaang kumulo hanggang sa matuyo ang gata. Kung tuyo na at hilaw pa ang bigas, dagdagan ang gata. Tandaang kailangang maging mainit o kumukulo ang idaragdag na gata. Isama ang laurel at hinaan ang apoy.

Hanguin kung luto na at ilagay sa dalawang lalagyan. Siksikin at takpan ng dahon ng saging. Isalang uli at hayaan sa apoy nang 10 minuto

pa. Kapag tumitigas na ang ibabaw, haluin at bayaan pa sa apoy.

Kung ihahain ay lagyan ng palamuting hiniwang sili at itlog.

KUSTILYAS NG BABOY AT KANIN

6 na pirasong kustilyas
1 1/2 kutsaritang asin
1 kutsaritang vet-sin
2 kutsaritang langis-pamprito
1 1/2 puswelong bigas, hinugasan
1 latang tomato sauce, 4 na onsa
1 puswelong ginayat na kesong pula
1 kutsaritang chili powder paminta
1/4 na puswelong siling berde, tinadtad
1/2 sibuyas, tinadtad
3/4 na puswelong tubig
5 pirasong siling berde, hiniwang pabilog

Pagsama-samahin ang mga panimpla at ihagod sa baboy. Pukpukin ng gilid ng platito. Initin ang langis sa kawali at iprito ang baboy. Alisin ang kumatas na taba. Isama ang bigas, sibuyas, siling berde, *tomato sauce* at tubig. Takpan at pakuluan hanggang sa maluto. Isama ang keso at berdeng sili at bayaan pa sa apoy nang 5 minuto o hanggang sa maluto ang kanin.

Bago ihain ay lagyan ng palamuting dinurog na keso at aseytunas.

SINAING SA SABAW NG MANOK

1 puswelong bigas
sabaw ng manok, sapat upang lumubog ang bigas
2 kutsarang mantekilya

Hugasang mabuti ang bigas. Isalin sa isang kaserolang mahigpit ang takip. Isama ang sabaw ng manok. Bayaang kumulo.

Takpan. Hinaan ang gatong at bayaang kuluan nang 18 minuto pa, matapos na magsimulang kumulo ang sabaw. Huwag aalisin ang takip. Makaraan ang 10 minuto ay idagdag ang mantekilya.

SINANGAG

3 puswelong kanin
3 kutsarang langis-pamprito
3/4 na puswelong hiniwang sibuyas na mura
1 kutsarang asin
1/4 na kutsaritang dinikdik na paminta
1 1/2 puswelong halabos na hipon, tinalupan at hiniwang pakuwadrado
1 itlog, binati
1 kutsarang toyo

Tiyaking ang kanin ay malamig o bahaw. Kung walang tira at nais maghanda nito, magsaing isang araw bago gagamitin.

Initin ang langis sa kawali. Isunod ang kaning kinamas muna hanggang sa mamula. Haluing mabuti upang hindi magkaroon ng buu-buo. Idagdag ang sibuyas na mura, asin, paminta at hipon. Bayaang 1 minuto. Hukayin ang gitna ng niluluto at ibuhos dito ang binating itlog. Haluin hanggang sa dahan-dahang mamuo. Saka pa lamang ihalo sa kanin. Isunod ang toyo. Bayaan pang 1 minuto sa apoy.

Sa pagluluto ng mga gulay na ang bunga ay nasa ilalim ng lupa, takpan ang pinaglulutuan. Kung gulay na pinipitas sa halaman, bayang walang takip habang niluluto.

---

4. MATAMIS AT HIMAGAS

HINDI ITINUTURING na husto ang alin mang tanghalian o hapunan kung walang matamis o himagas. Ang ganitong kalakaran sa pagkain natin ay lalong nakikita sa mga handaan, salu-salo o pagtitipon, malaki o maliit, na naghahain na ng mga sariwang bungangkahoy na napapanahon ay iba-iba pa at sari-sari ang idinudulot na matamis.

FLAN KALABASA

3 puswelong gatas ebaporada
2 puswelong sinalang nilagang kalabasa
2/3 puswelong asukal na puti
1/4 na puswelong rum
6 na itlog
1 kutsaritang asin
1 kutsaritang kanela, pulbos
1 kutsaritang katas ng sariwang luya
1/2 kutsaritang anis maskada, pulbos
2 pula ng itlog

Pagsama-samahin ang 6 na itlog at 2 pula sa isang malaking sisidlan. Batihing mabuti. Isunod ang iba pang sangkap. Isalin sa liyanerang pinalalamig at bayaang sandali samantalang pinaiinit ang hurno sa 350° F. Sa isang bukod na sisidlan ay maglagay ng tubig na kumukulo. Dito ilagay naman ang liyanera at bayaan sa hurno sa loob ng 20 minuto. Pagkaluto, ilabas sa hurno at bayaang lumamig sa loob ng 40 minuto bago ihain.

LECHE FLAN, GATA

2 puswelong malapot na gata
6 na pula ng itlog ng manok
4 na puti ng itlog ng manok
1 puswelong asukal na pula balat ng dayap
1/4 na puswelong asukal na puti

Tunawin sa isang kaserolang may lamang 1/4 na puswelong tubig ang asukal. Hinaan ang apoy at bayaang mamuu-muo ang asukal. Isalin sa isang liyanera ang 3/4 na puswelo ng ginawang arnibal. Itabi.

Isalin sa nalabing 1/4 na arnibal ang gata. Ibalik sa atay-atay na apoy at haluin hanggang sa matunaw na muli ang arnibal na halos ay mamuu-muo.

Paghiwalayin ang pula at puti ng itlog. Batihin ang puti, at unti-unting ihalo ang pula. Batihin pagkatapos. Idagdag ang asukal na puti, ang balat ng dayap, ang gata at arnibal. Salain samantalang isinasalin sa liyanera.

Kung may hurno, ilagay ang liyanera sa isang sisidlang may tubig at ipasok sa hurno sa init na 350°F.

Kung walang hurno, gawin ang karaniwang paraan. Ilagay ang liyanera sa isa pang sisidlang may tubig at isalang sa mahinang apoy. Pagkaraan ng isa't kalahating oras, takpan ng kapirasong lata na may baga hanggang sa mamula ang ibabaw ng *leche flan.*

LECHE FLAN, GATAS

2 puswelong gatas ebaporada
8 pula ng itlog
1 puswelong asukal
1/2 puswelong arnibal
1 kutsaritang katas ng limon o banilya

Initin ang gatas sa pamamagitan ng pasingaw sa loob ng 15 minuto. Batihin ang pula ng itlog. Isama ang asukal, gatas at ang banilya.

Ilagay ang arnibal sa liyanera at dito isalin ang pinaghalu-halong mga sangkap. Ilagay ang liyanera sa isang sisidlang may tubig at pasingawan o

ipasok sa hurnong may katamtamang init. Bayaan hanggang sa tumigas.

Ganito ang paghahanda ng arnibal: Tunawin ang 1 puswelong asukal sa isang tatso. Kapag namumula na ang asukal ay buhusan ng 1/2 puswelong kumukulong tubig.

LECHE FLAN, PUTI NG ITLOG

10 puti ng itlog ng manok
1 lata ng gatas ebaporada, maliit
1 1/2 puswelong asukal na repinado

Tunawin ang asukal sa puti ng itlog at gatas. Salain at timplahan ng kaunting katas ng dayap o banilya. Ilagay sa liyanerang may arnibal. Pasingawan sa lutuan ng puto, o sa malaking kawali. Kung may hurno, dito lutuin.

ARNIBAL NG LECHE FLAN

1 puswelong asukal na puti
1/4 na puswelong tubig, mainit

Tunawin ang asukal sa init. Kapag mapula na ay ibuhos ang tubig. Bayaang sumulak. Ito ang gawing sapin ng liyanerang paglulutuan ng *leche flan.*

LECHE FLAN, PULA NG ITLOG

10 pula ng itlog ng manok
1 lata ng gatas ebaporada, malaki
1 lata ng gatas kondensada, malaki
1/2 puswelong asukal na puti
1 kutsarang ginayat na balat ng dayap

Tunawin ang asukal sa gatas na malabnaw o ebaporada. Ihalo sa pula ng itlog at gatas na malapot o kondensada. Haluin, nguni't huwag babatihin. Salain at idagdag ang balat ng dayap na dinurog. Ilagay sa liyanerang may arnibal. Lutuing tulad ng puti ng itlog.

MATAMIS NA KAMATIS

2

Pumili ng anim na malalaki, hinog nguni't hindi lamog na kamatis.

Ihanda:

arina
1/4 na librang margarina o mantekilya
asukal na pula
1 kutsaritang asin
1/4 na kutsaritang paminta
1 1/2 puswelong gatas na malapot

Tapyasin ang ibabaw at ilalim ng kamatis at idapa sa arina ang magkabilang panig. Tunawin sa isang kawali ang margarina o mantekilya, isunod ang kamatis na hiniwa at iprito hanggang sa pumula ang magkabila. Lagyan ng tig-kalahating kutsaritang asukal ang magkabilang panig ng bawa't hiwa. Budburan ng asin at paminta at patungan uli ng asukal at bayaang mamuo ang asukal sa magkabila. Ilagay ang gatas at bayaang kuluang ilang minuto.

MATAMIS NA KAMYAS

1/2 kilong asukal
1 pinggang kamyas

Butasin ng tinedor ang 4 na bahagi ng bawa't kamyas. Ilagay sa sangkalan at isa-isang diinan ng mga daliri upang kumatas ang asim. Hugasan sa tubig at pigain. Tatlong ulit na gawin ito. Pagkatapos ay maglagay ng tubig sa isang sisidlan, sapat upang kumatas ang asim. Hugasan. Timplahan ng kaunting apog. Ibabad nang kalahating oras. Pigain uli pagkatapos at hugasan. Ibabad na magdamag sa tubig upang isuka na ang lahat ng asim. Kinabukasan ay hugasang muli.

Gawing arnibal ang kalahati ng asukal. Pagkakaroon ng punto ay ihulog ang kamyas. Pakuluan. Itabi hanggang kinabukasan. Hanguin sa

arnibal. Patigisin. Arnibalin ang nalalabi sa asukal. Pagpupunto ay ilagay ang kamyas hanggang sa luminaw at kumunat.

Ang naunang arnibal ay maaaring dagdagan ng tubig na may yelo upang maging inuming pampalamig.

GULAMAN AT MALAGKIT

2 gulaman
1 puswelong kumukulong tubig
1 puswelong malamig na tubig
3/4 na puswelong dinurog na pinya sa lata, pinatigis
1/2 puswelong sinaing na malagkit
1/2 puswelong gatas na malapot, binati
dinurog na yelo

Tunawin ang gulaman sa kumukulong tubig. Ihalo ang tubig na malamig at bayaang lumamig hanggang sa tumigas-tigas. Batihin hanggang sa maging pino at ihalo ang pinya, malagkit at gatas. Isalin sa mga baso o puswelong pandulot at palamigin hanggang sa tumigas. Bago ihain ay lagyan ng dinurog na yelo sa ibabaw.

HALO-HALO

1 puswelong kamote o ube, hiniwang pakuwadrado, niluto sa arnibal
pinatigas na gulaman
1 puswelong kinayod na buko
1 puswelong binusang pinipig
sorbetes

Hiwain ang pinatigas na gulaman sa maliliit na pirasong pakuwadrado. Ilagay sa baso, na pupunuin nito ang ika-4 na bahagi ng lalagyan. Ipatong dito ang I kutsarang matamis na kamote o ube. Isunod na ilagay ang 1 kutsarang kinayod na buko. Budburan ng binusang pinipig. Bago ihain ay lagyan ng 2 tumpok na sorbetes.

Ang paghahanda ng gulaman: pakuluin ang 2 puswelong tubig at 1/2 puswelong asukal sa bawa't 1 piraso ng gulaman.

MATAMIS NA LANGKA

Karaniwan nating minamatamis ang langka, o isinasama sa ginataang bilo-bilo o halo-halo. Masarap din ito sa ginataang mais o munggo.

Biyakin ang langka. Paghiwa-hiwalayin ang lamukot. Alisin ang buto at durugin ang laman. Sa bawa't 1 puswelong lamukot, isama ang 3/4 na puswelong asukal at bayaang kuluan, hanggang sa maaari nang bilugin o bolahin ng mga daliri. Ilagay sa isang hulmahang may mantika, at bayaan ang kapal sa 1/2 pulgada. Hiwaing sinlalaki ng daliri at baluting isa-isa sa *wax paper*.

MATAMIS NA MANI

6 na puswelong asukal na pula
3 tasang tubig
3 gatang na maning binusa
1 itlog ng manok

Pakuluin ang asukal. Batihin ang pula ng itlog at ipatak na unti-unti sa kumukulong arnibal. Kapag malinaw na ang arnibal ay salain sa katsa.

Pakuluing muli sa isang tatso ang sinalang arnibal at bayaang lumapot. Isalin pagkatapos sa isang sisidlang hindi mababasag c puputok sa init. Dito ilagay ang maning inalisan ng balok at gawin kung anong hugis ang maibigan.

MATAMIS NA MILON

Talupan ang milong Kastila. Kunin ang mga buto at sa pamamagitan ng salaan ay kunin naman ang katas sa lamukot na kasama ng mga buto. Samantala, hiwain ang milon sa maliliit na pakuwadradong laki.

Maghanda ng arnibal. Sa bawa't 6 na puswelong laman, gumawa ng arnibal sa pamamagitan ng katas na nakuha sa paligid ng buto na sasamahan ng tubig upang makabuo ng 1 1/2 puswelo. Samahan ito ng 3/4 na puswelong asukal. Pakuluan. Pagkatapos ay samahan ng luya na sinlaki ng kalingkingan na hiniwang maninipis. Bayaang 20 minuto.

Salain ang arnibal at ibuhos sa laman ng milon. Huwag nang isasama ang masasalang luya. Bayaang 8 oras na pinalalamig bago ihain.

MATAMIS NA NIYOG

1/2 puswelong kinudkod na niyog
1/4 na puswelong katas ng kalamansi o dayap
1 itlog
1/4 na puswelong corn syrup, **nabibili sa groserya**
1 kutsaritang ginayat na balat ng dayap
2/3 puswelong gatas ebaporada
1/2 puswelong asukal

Palamigin ang gatas sa isang bandeha. Sa *freezer* ilagay, at kung nagbubuu-buo na ang gilid ay batihin nang 2 minuto. Idagdag ang 2 kutsara ng katas ng kalamansi at batihin uli nang 2 minuto. Batihin din ang itlog, asukal at *corn syrup* hanggang sa tumigas at magkulay-limon.

Ihalo ang binating gatas at ang nalabing 2 kutsarang katas at balat ng limon at niyog. Ilagay sa repriheradora hanggang sa tumigas.

MATAMIS NA PILI

1 puswelong pili, walang balat
2 puswelong asukal
1 puswelong tubig
1 kutsaritang banilya
ilang butil na asin

Ibusa ang piling wala nang balat. Bayaang mamula. Gilingin pagkatapos. Ilagay ang asukal at tubig sa tatso at pakuluan hanggang sa lumapot. Idagdag ang giniling na pili, banilya at asin. Bayaang kuluan hanggang sa maluto, o tumigas kung ipapatak sa tubig. Hanguin at isalin sa isang lapat na sisidlang binasa ng mantika o langis. Ilatag dito at hiwain sa hugis at laking nais. Balutin sa *wax paper* ang bawa't piraso.

Sa pag-aalis ng balat, magpakulo ng tubig at dito ilagay ang pili. Bayaang 2 minuto. Maaalis na ang balat na tila nag-aalis ng balok ng garbansos.

HALEYANG PINYA

1 puswelong laman ng pinya, dinurog
1 puswelong asukal

Ilagay sa tatso ang katas ng pinya. Isama ang asukal. Huwag lalagyan ng tubig. Bayaang mag-arnibal bago isunod ang laman ng pinya. Huwag titigilan ng halo upang hindi manikit. Subukin kung luto na sa pamamagitan ng pagpapatulo ng kaunti nito sa malamig na tubig. Kapag namuo ay luto na. Kapag sumama sa tubig ay kulang pa sa punto.

HALEYANG SAGING

10 hinog na saba
katas ng 3 dalandan
katas ng isang limon
2 puswelong asukal

Hiwain ang saging sa kapal na 3/4 na pulgada ang bawa't hiwa. Isama ang asukal at katas ng limon at dalandan. Pakuluin hanggang sa lumapot.

SAMPALOK NA KENDI

Siyam na araw ang kakailanganin sa paggawa ng kending sampalok, nguni't tinitiyak naming siyam na araw lamang ng paghihintay, na su-

lit na sulit!

Piliin ang malalaki at mahahabang bunga na husto sa hinog. Sa pagtatalop, ingatan ang hiblang nasa magkabilang tabi ng lamukot, upang hindi magkahiwa-hiwalay ang mga buto. Huwag ding aalisin ang tangkay. Iayos sa isang sadyang lalagyan ang sampalok na wala nang balat.

Maghanda ng arnibal: sa bawa't isang bahagi ng tubig ay dalawang bahagi ng asukal. Ibuhos sa nakaayos na sampalok. Diin-diinan ng kutsara upang matiyak na nakalubog sa arnibal ang sampalok.

Takpan at bayaang tatlong araw na nakababad. Sa ikaapat na araw, alisin sa arnibal, nguni't huwag itatapon ang arnibal. Maghanda ng panibagong arnibal at ito naman ang ibuhos sa sampalok. Takpan uli at bayaang tatlong araw.

Sa ikapitong araw, alisin uli sa arnibal at gumawa ng bagong arnibal. Huwag ding itatapon ang ikalawang arnibal. Sundin ang naunang dalawang paraan. Sa ikasiyam na araw, hanguin ang sampalok. Ihanay sa isang bilaong may saping *wax paper*. Ibilad sa araw. Maaari nang kainin sa sandaling matuyo.

Ang arnibal ay madaling magagawang inuming pampalamig: dagdagan lamang ng tubig at yelo, ayon sa inyong panlasa.

5. SARSA

ANG KARANIWANG pagkaing Pilipino ay hindi ginagamitan ng sarsa; sa halip ay isinasawsaw sa suka, patis o toyo. Maliban sa litson na may sariling bukod na sarsa, ang iba pang lutuing pamista ay nagkakaroon ng sarsa mula sa sariling timpla at panahog ng lutuin.

Nguni't ang ating pagkain ay hindi nabubukod sa pagbabago, bunga ng kaunlaran ng panahon. Ngayon, gumagamit na rin tayo ng sariling sarsa sa inihahandang isda, karne o lamang-dagat.

SARSANG KAMATIS

1/2 kilong hinog na kamatis

2 puswelong celery, tinadtad

2 puswelong sibuyas, tinadtad

2 puswelong siling berde, hindi maanghang, tinadtad

2 puswelong asukal

1 puswelong suka

1 kutsarang mustasa

3 kutsarang asin

2 kutsarang dinurog na kanela

1 kutsaritang dinurog na klabo de komer

Pagsama-samahin ang mga sangkap, maliban sa asukal, suka, kanela at klabo. Lutuing 20 minuto.

Isunod ang asukal, suka, kanela at klabo. Bayaan sa apoy hanggang sa lumapot.

Ito ay masarap at angkop sa inihaw na baboy, barbekyu at rebosadong hipon.

SARSANG HAMON

Maghiwa ng isang sibuyas bumbay at igisa sa 2 kutsarang mantekilya o margarina. Ihalo ang 1 lata ng *tomato sauce* na may 8 onsa, 4 1/2 onsang hamong hiniwang maliliit, 1 kutsaritang pinulbos na mustasa, at 1/2 kutsaritang dinikdik na paminta. Pakuluin at bayaan sa apoy nang 10 minuto pa.

Angkop sa laman ng isdang binalot sa arina at itlog, at ipinirito, gayon din sa piniritong atay.

FRENCH DRESSING

1/8 puswelong suka

1/4 na puswelong langis pang-ensalada

1/2 kutsaritang asin

1/2 kutsaritang ketsup

1/2 kutsaritang Worcestershire sauce

Ilagay na lahat sa isang bote at alugin.

SARSA SA HIPON

Maghalabos ng 1/4 na onsang hipon. Talupan at tadtarin. Magdikdik ng dalawang butil na bawang. Mag-init sa kawali ng 2 kutsarang langis na pamprito. Igisa ang bawang, isunod ang hipon, tinadtad na kintsay at 1 kutsaritang oregano. Pakuluan ng 5 minuto at lagyan ng 1 kutsaritang arina. Haluin. Isunod ang 1 puswelong gatas, 2 kutsaritang asin at hintaying bumula-bula, bago hanguin.

Isa pa sa sarsang angkop sa rebosadong hipon.

SARSA SA ISDA

Pakuluan ang 1/2 kilong laman ng apahap o ano mang isdang malaman sa 1/2 puswelong tubig, 1/4 na puswelong hinebra, 1 dahon ng laurel, 1/4 na sibuyas, ilang butil ng paminang buo, 1 1/2 kutsarang asin. Bayaan hanggang madurog ang laman ng isda at humalo sa sabaw. Takpan at bayaan pang kuluan. Mag-init ng 2 kutsarang mantekilya o margarina at haluing dahan-dahan. Idagdag ang 1 puswelong gatas, haluin at bayaang kuluan hanggang sa bumula-bula. Isunod ang nilutong isda. Idagdag ang ginayat na 1/2 *carrot* at pakuluan pa nang bahagya.

SARSANG MATAMIS AT MAASIM

2 kutsarang ketsup

1/4 na puswelong suka

1/4 na puswelong asukal

1/4 na kutsaritang asin

1/2 puswelong tubig

2 kutsaritang gawgaw

langis-pamprito

Tunawin ang gawgaw sa tubig. Initin ang langis sa isang kaserola. Isama ang ketsup. Pagkulo ay idagdag ang iba pang sangkap. Haluin hanggang sa kumulo at lumapot.

SAWSAWANG WANSOY

Ito ang matatawag na sawsawang panlahat. Binubuo ng hiniwang kamatis at sibuyas-Tagalog at ng dahon at binali-baling tangkay ng wansoy, karaniwang tinitimplahan ng patis o bagoong Balayan, at masarap na sawsawan ng halabos na hipon, alimasag, piniritong isda o paksiw.

Ang maaaring ipasok na kaibhan ay dagdagan ng talbos ng kasoy o tinadtad na manggang hilaw.

Sa tinapa, ang lalong masarap na sawsawan ay kamatis na hinog na hiniwa-hiwang maliliit at sinamahan ng itlog na maalat. Ang panimpla ay asin.

Ang pamumuo ng ibabaw ng sarsang lumamig ay maiiwasan kung bago itabi o bago initing muli ay lalagyan ng kaunting mantekilya sa ibabaw.

---

6. SOPAS

ANG PAGHAHANDA ng ating ulam ay karaniwang pinag-uukulan ng pansin ng Ginang ng Tahanan upang laging magkaroon ng isang putaheng may sabaw at isang putaheng tuyo. Ang ating sopas ay hindi bukod na lutuin: manapa'y sabaw ng pesa, ng sinigang o ng nilaga. Nguni't kung may hindi karaniwang paghahanda sa bahay, nagluluto tayo ng bukod na sopas.

Ang sopas ay magiging masarap lamang batay sa ilalagang buto ng baka, baboy at manok. Bukod dito, higit na napasasarap ang lasa sa pamamagitan ng paghahalo ng hamon, tsoriso at keso. Ngayon ay nakatutulong din ang paggamit ng mga pampalasang *vet-sin* o *bouillon cubes*.

Ang sopas, sapagka't siyang nagsisimula sa pagkain, ay kailangang maging masarap at mainit.

SOPAS NA GOTO

2 kilong goto
1/2 puswelong suka
buto ng baka
16 na pusewlong tubig
2 butil na bawang
3 sibuyas, tinadtad
1 siling hindi maanghang, hiniwang maliliit
2 puswelong kalabasa, hiniwang pakuwadrado
3 mais, ginayat
2 kamote, hiniwang pakuwadrado
2 patatas, hiniwang pakuwadrado
2 puswelong repolyo, ginayat
1/3 puswelong bigas
3 kutsaritang asin
1 kutsaritang paminta

Ibabad ang goto sa suka at tubig at takpan. Pakuluang 2 oras. Patuluin at banlawang mabuti. Ilagay pagkatapos sa isang kaserola, isama ang buto ng baka at tubig at pakuluan. Sagapan. Bayaang lumambot. Salain ang sabaw at hiwain ang goto sa maliliit na piraso.

Sukatin ang sabaw at ilagay sa ibang kaserola. Kung kulang sa 8 puswelo ay dagdagan ng tubig. Isama ang bawang, sibuyas, sili, kalabasa, mais, kamote, patatas, repolyo, bigas, asin at paminta. Pakuluang 45 minuto. Isunod ang goto at bayaan pang kumulo ng 10 minuto. Timplahan nang ayon sa gusto.

SOPAS NA GULAY

1/2 kilong karne
buto ng baka
8 puswelong tubig
3 malalaking carrot
1 tangkay ng sibuyas na mura
1 puswelong singkamas, hiniwang pakuwadrado
1 puswelong gisantes
1 puswelong tinadtad na celery
1 puswelong patatas, hiniwang pakuwadrado
2 1/2 puswelong kamatis sa lata
asin
paminta

Hiwain ang karne nang parisukat na 1 pulgada. Ilagay sa kaserola, isama ang buto at tubig at pakuluang may takip. Hiwaing pakuwadradong maliliit ang *carrot* at sibuyas na mura. Isama ito sa iba pang sahog, kasama ang karne. Alisin ang buto bago timplahan ng asin at paminta.

SOPAS NA HALAAN

1/4 na sibuyas bumbay, tinadtad
2 kutsarang tinadtad na siling hindi maanghang
2 kutsarang mantekilya o margarina
1 puswelong patatas, hiniwang pakuwadrado

1/4 na puswelong tinadtad na celery
2 puswelong kumukulong tubig
1 puswelong nakalatang kamatis
1 kutsaritang asin
paminta
1 puswelong tinadtad na halaan
1 puswelong sabaw o pinaglagaan ng halaan

Igisa sa margarina o mantekilya ang sibuyas at sili. Isunod ang patatas, *celery* at tubig. Takpan at pakuluan nang 10 minuto, o hanggang sa maluto ang patatas. Idagdag ang kamatis, asin, paminta, laman at sabaw ng halaan. Takpan uli. Pakuluan nang 20 minuto.

SOPAS NA MAIS

1 puswelong ginayat na murang mais
1 sibuyas, ginayat
1/4 na puswelong hipon, biniyak
1 kutsarang mantika
2 butil na bawang
4 na puswelong katas ng hipon
1 puswelong talbos ng sili o dahon ng ampalaya
paminta
asin

Igisa ang bawang at sibuyas. Isunod ang hipon. Idagdag ang katas ng hipon. Bayaang kumulo. Isunod ang mais at bayaang maluto. Timplahan ng asin at paminta. Bago hanguin ay ilagay ang dahong sili o ang kulatding o dahon ng ampalaya.

SOPAS NA MANOK (1)

Sa paggawa ng sopas, piliin ang matabang inahin. Pagpapakulo ay samahan ng *carrot* ang sabaw at isang dahon ng laurel. Paglambot ng manok, himayin ang laman at salain ang sabaw, bago ibalik dito ang laman. Samahan ng asparagus, ginayat na siling pula, hiniwang kabute at maliit na pirasong hamon. Timplahan ng patis.

SOPAS NA MANOK (2)

5 puswelong sabaw ng manok
2 puswelong hinimay na laman ng manok
6 na onsang mais, nilaga at dinurog
2 kutsarang tinadtad na hamon
1 kutsaritang vet-sin
asin
paminta
1 puswelong gatas
2 itlog, binati
2 kutsarang tinadtad na apulid

Pakuluin ang sabaw ng manok, isama ang laman at bayaang kuluan nang ilang minuto pa. Idagdag ang hamon at mais at pakuluan uli. Isama ang iba pang sangkap maliban sa itlog. Ilagay ang itlog at haluing mabuti samantalang isinasama, 1 minuto bago ihain.

SOPAS NA PATATAS

2 patatas
4 na hiniwang sibuyas bumbay
2 puswelong kumukulong tubig
2 kutsarang mantekilya o margarina
2 kutsarang arina
3 puswelong gatas
1 1/2 kutsaritang asin
paminta

Talupan ang patatas, hiwain at isama sa tubig at sibuyas. Palambutin. Salain, nguni't itabi ang 1 puswelong pinaglagaan. Ligisin sa salaan ang sibuyas at patatas. Tunawin ang mantekilya o margarina sa isang kaserola. Isunod ang arina. Untiunting idagdag ang patatas, sabaw at

gatas. Pasingawan at haluing mabuti hanggang sa lumapot. Timplahan.

SOPAS NA SIBUYAS

2 malalaking sibuyas bumbay, tinadtad
4 na kutsarang mantekilya o margarina
2 malalaking sibuyas bumbay, ginayat
2 butil na bawang, tinadtad
2 kutsaritang arina
1/2 kutsaritang asin
1 kutsarang suka
6 na puswelong tubig
6 na bouillon cubes
1/4 na kutsaritang Tabasco kesong pula

Tunawin ang mantekilya o margarina. Isama ang bawang at sibuyas. Bayaan hanggang sa lumambot ang sibuyas nguni't tiyaking hindi mapula. Ihalo ang arina at asin. Isunod ang suka, tubig, *bouillon cubes* at *Tabasco*. Bayaang kuluan ng 1/2 oras. Bago ihain ay budburan ng kesong dinurog.

7. TIRANG PAGKAIN

HINDI NAIIWASAN maminsan-minsan na may natitirang pagkain, na ang karaniwan ay ulam. Maging isda o karne, may sabaw o tuyo, ang mga ito ay muling mailuluto o maihahanda nang hindi mahahalata ng mag-anak na iyon ay mga pagkaing natira. Nasa paraan ng pagluluto niyon ang lihim, gayon din naman sa panahong ihahain iyon—tiyaking hindi ihahain kinabukasan lamang na iyon ay natira.

Hindi lamang ang isda o karne ang karaniwang nalalabi. Maging ang tinapay ay natitira rin at ang mga ito ay pakikinabangan kung magagawang ibang pagkain. Kung hindi, malaking bahagi ng pamili ang matatapon lamang sa lata ng kaning-baboy.

BOLA-BOLANG ISDA

(Tirang Prito)

1 puswelong hinimay na laman ng isdang pinirito, lalo na kung labahita, dalagang-bukid o dalag
10 patatas, maliliit; nilaga at niligis
2 itlog, binati
biskotso, dinikdik
1/2 sibuyas, tinadtad
3/4 na puswelong gatas
2 kutsarang mantekilya
2 kutsarang sibuyas na mura, tinadtad
1 1/2 kutsaritang asin
paminta
2 butil na bawang, tinadtad
2 kutsarang langis-pamprito

Igisa ang bawang at sibuyas sa mantika. Isunod ang isda, asin at paminta. Bayaang 5 minuto. Idagdag ang gatas at patatas at bayaan sa apoy hanggang sa halos ay matuyo. Isunod ang mantekilya at sibuyas na mura. Haluing mabuti at hanguin. Palamigin.

Gumawa ng mga bola-bola at itubog sa itlog. Igumon sa biskotso at itubog na muli sa itlog bago iprito hanggang sa pumula.

KARDILYO

(Tirang Isda)

tirang piniritong isda
4 na kamatis na hinog, hiniwang maliliit
2 kutsarang langis-pamprito o mantika

1 butil na bawang, pinitpit
1/2 puswelong tubig
asin

Painitin ang mantika o langis at igisa ang bawang at kamatis. Timplahan ng asin. Isunod ang tubig at bayaang kumulo. Makaraan ang 5 minuto ay ihulog ang isda. Bayaang ilang minuto pa. Pagkahangung-pagkahango ay ihalo ang itlog.

KROKETAS NA HIPON

(Tirang Halabos na Hipon)

1/2 puswelong halabos na hipong natira sa sinundang pagkain, tinalupan at tinadtad
1/2 puswelong katas ng hipon mula sa dinikdik na ulo
1 sibuyas, tinadtad
1/2 puswelong hinog na kamatis, tinadtad
2 puswelong dinurog na nilagang patatas
2 itlog, binati
biskotsong dinikdik
asin
paminta
2 kutsarang langis-pamprito

Igisa ang sibuyas sa langis-pamprito. Isunod ang kamatis kapag lanta na ang sibuyas. Bayaan hanggang sa madurog na mabuti ang kamatis bago isunod ang hipon at ang katas niyon. Hintaying maluto o hanggang sa maging malapot na malapot na halos ay matuyuan na. Idagdag ang patatas at timplahan ng asin at paminta. Haluin habang hinihintay na matuyuan upang huwag manikit at masunog. Hanguin pagkatapos at palamigin.

Ihubog ang kroketas na tulad ng itlog ng manok. Itubog sa itlog at igumon sa biskotso. Muling itubog sa itlog at iprito hanggang sa pumula.

PASTEL

(Tirang Karne)

Ito ay ulam na karne na hindi nakubos sa sinundang pagkain, tulad ng karneng niluto sa hurno o mitsadong baka. Piliin ang mga laman at tadtarin. Itabi rin ang sarsa.

2 puswelong giniling na lutong karne
2 puswelong dinikdik na biskotso
1 kutsarang tinadtad na kintsay
1 kutsarang tinadtad na sibuyas
1 kutsaritang asin
1/4 na kutsaritang paminta
1 kutsaritang vet-sin
1 itlog, binati
1 kutsarang sarsa ng orihinal na ulam
2 kutsarang dinurog na nilagang patatas

Pagsama-samahin ang lahat ng sangkap maliban sa patatas at mantekilya. Humubog ng maliliit na bilog na tila *cake*. Iayos sa minantikaang lutuan. Haguran sa ibabaw ng dinurog na patatas at lagyan ng mantekilya. Ipasok sa hurnong may init na 400°F at bayaan hanggang sa pumula ang patatas o sa loob ng mula sa 15 hanggang 20 minuto.

PAKSIW NA LITSON

Sa bawa't 1 kilong litson, isama ang:

1 1/2 puswelong sarsa
4 na kutsarang asukal
3/4 na puswelong suka
2 puswelong tubig
1 ulong bawang, pinitpit
pamintang buo
oregano
asin

Hiwain ang litson sa karaniwang laking piraso. Pagsama-samahin ang lahat ng sangkap sa isang kaserola

at pakuluan sa atay-atay na gatong hanggang sa maluto. Haluing mabuti at naka-naka upang huwag manikit at masunog.

BUDIN
(Tirang Tinapay)

2 puswelong tinapay na luma, pinirasong maliliit
2 puswelong gatas
1/4 na puswelong margarina o mantekilya
2 itlog
1/2 puswelong asukal
1/2 kutsaritang asin

Pasingawan ang gatas. Isama ang tinapay at ang margarina o mantekilya. Itabi. Batihin ang itlog at idagdag ang asin at asukal. Isama sa naunang tinimpla. Ilagay sa isang hulmahang minantikaan at nilagyan ng sinalab na dahon ng saging. Pasingawan.

Kung may hurno, ipasok dito sa init na 350°F. At kung gusto ay samahan ng pasas.

PUTING CAKE
(Tirang Puti ng Itlog)

3 puti ng itlog
1 1/2 puswelong arina
1/2 puswelong langis
3/4 na puswelong asukal
2 kutsaritang baking powder
1/4 na kutsaritang asin
1/2 puswelong gatas

Tunawin ang asukal sa langis. Itabi. Salaing magkasama ang arina, *baking powder* at asin. Unti-unti, isalisi sa gatas sa paghahalo sa langis na may asukal. Itabi. Batihing mabuti ang puti ng itlog at dahandahang ihalo. Mantikaan ang dalawang hulmahang may sukat na 8" ang bilog. Dito isalin ang masa. Ipasok sa hurnong may init na 375°F. Bayaang 25 minuto. Bayaan munang 6 na minuto bago hanguin sa pinaglutuan at pagpatungin.



Ang tirang tinapay na gagawing budin ay madaling mapalalambot kung pipirasuhin munang maliliit bago ibabad sa gatas o tubig. Magiging pantay na pantay din ang paglambot niyon.

MALAMBOT NA LECHE FLAN
(Tirang Pula ng Itlog)

2 pula ng itlog
2 kutsarang asukal
1 kutsaritang arina
ilang butil na asin
1 1/2 puswelong gatas
1/2 kutsaritang banilya

Pagsamahin ang asukal, arina at asin. Itabi. Batihing bahagya ang pula ng itlog. Idagdag ang gatas. Ihalo sa naunang mga sangkap. Pasingawan. Huwag titigilan ng halo upang hindi manikit at masunog. Kapag malapot na ay ihalo ang banilya. Hanguin at palamigin sa reprihera-dora.

IKATLONG BAHAGI

1. INUMIN—MALAMIG AT MAINIT

ANG SABAW at tubig o ano mang hinihigop ay bahagi ng alin mang pagkain natin, maging buong agahan, tanghalian at hapunan, o minandal lamang. Sagana ang ating bayan sa mga bungang-kahoy na ang katas ay madaling gawing inuming pampalamig. Ito at ang nahiram nating inumin sa ibang bansa—ang kape, tsokolate at tsa—ay naging pang-araw-araw nang bahagi ng ating hapag, at ang ating sariling katutubong inumin, ang salabat, ang naiiwan sa likuran.

Ang mga katas ng prutas ay nakasisiyang idulot sa mga panauhin, hindi lamang sa simula ng ano mang pagtitipon, kundi bilang pampalamig sa mga karaniwang pagdalaw. At sa kababaihang mahiligin sa inuming pampalamig nguni't natatakot sa karagdagang timbang, ang mga katas ng prutas ang lalong angkop.



Native Fruits for Cold Drinks

BUKO

Itabi ang sabaw ng buko. Kayurin ang laman at timplahan ng asukal. Kung may repriheradora, ilagay na 1 oras sa *freezer* upang lumamig. Kung madalian ang pagdudulot, samahan ng mga tinilad na yelo.

Sa mga salu-salo at iskursiyon o piknik, ang pampalamig na buko ay idinudulot sa bao nito, at ang sabaw ay sinisipsip sa pamamagitan ng *straw*.

KATAS NG GUYABANO

1 guyabano, hinog na hinog
1 puswelong asukal
12 puswelong tubig
1/2 puswelong katas ng kalamansi

Hugasan ang guyabano at biyakin. Kunin ang lahat ng lamukot at durugin sa 4 na puswelong tubig. Salain upang maalis ang buto at lahat ng panig na matigas. Isama ang nalalabi pang tubig. Timplahan ng asukal. Palamigin sa repriheradora o samahan ng tinilad na yelo.

KATAS NG PRUTAS SA BALAT NG PINYA

Tapyasin ang ulo ng pinya, kasama ang ikatlong bahagi ng laman nito. Itabi. Sa pamamagitan ng tinedor o kutsilyo ay ukitin ang laman. Magagawa itong haleya.

Magtimpla ng katas ng pinya sa 1 lata ayon sa mga tuntuning nakasulat sa etiketa niyon. Palamigin sa repriheradora. Sa oras ng pagkain, isalin sa balat ng pinya ang katas na tinimpla. Gamitan ng *straw*.

Tiyakin kung ilan ang panauhin o ang bilang ng iinom. Gayong bilang ng pinya ang bilhin at ihanda sa paraang nasa unahan nito.

Ang paggawa ng haleya ay nasa seksiyon ng matamis at himagas.

GATA AT GULAMAN

1 piraso ng gulamang pula na niluto sa 2 puswelong tubig at 1/4 na puswelong asukal
2 puswelong pinipig, binusa
6 na puswelong gata mula sa 2 niyog
asukal, ayon sa gustong tamis

Pagkaluto ng gulaman ay salain at palamigin hanggang sa tumigas. Hiwaing maliliit na pakuwadrado. Salain ang gata at timplahan ng asukal sa tamis na gusto. Samahan ng mga tinilad na yelo o palamigin sa repriheradora. Pagdudulot, lagyan ng gulaman ang baso, sundan ng gata at ibudbod na masagana sa ibabaw ang pinipig.

Huwag pagsama-samahin agad ang mga sangkap upang hindi mamula ang gata at nang hindi lumata ang pinipig.

INUMING SAGING

1 puswelong gatas ebaporada, pinalamig
1 hinog na lakatan
1/2 puswelong katas ng kahel
1 kutsaritang asukal
1 malaking kayod ng sorbetes
ilang butil na asin

Sukatin ang 1 puswelong gatas na pinalamig at isalin sa isang sisidlang maaaring pagbatihan. Isama ang laman ng saging na dinurog sa pamamagitan ng salaan. Idagdag ang asukal, katas ng kahel, sorbetes at asin. Batihing mabuti.

LIMONADANG PIPINO

1 puswelong asukal
1 puswelong tubig
1 puswelong katas ng limon at balat ng dayap
4 na puswelong tubig
2 pirasong yelo sa bawa't baso
12 hiwa ng pipino

Pagsama-samahin ang asukal, tubig at 1/4 na puswelo ng katas ng limon. Haluing mabuti. Pakuluing 1 o 2 minuto. Isunod ang balat ng dayap. Takpan at bayaang 5 minuto. Pagkatapos ay sagapin ang balat. Isama ang nalalabing katas ng limon at tubig. Maglagay ng 2 piraso ng yelo sa bawa't baso at 2 hiwa ng pipino. Lagyan ng limonada ang bawa't baso.

PONTSENG PIPINO

8 puswelong tubig
2 puswelong asukal
1/4 na puswelong katas ng limon balat ng dayap
1 1/2 puswelong katas ng dalandan
1 1/2 puswelong katas ng kalamansi
mga hiwa ng pipino
3/4 na puswelong katas ng suha
1/2 puswelong katas ng limon

Pagsama-samahin ang 3 unang sangkap. Pakuluin. Alisin sa apoy. Isama rito ang kalahati sa balat ng dayap at dalandan. Bayaang 3 minuto. Alisin pagkatapos. Idagdag ang nalalabing katas ng mga prutas. Haluing mabuti. Isalin sa malaking sisidlan na may yelo. Isama ang mga hiwa ng pipino.

SALABAT

luya
asukal na pula o panotsa
kamote, kung nais

Ang laki ng luyang gagamitin ay ibatay sa tapang na nais sa salabat —higit na maanghang at nangangamoy ang luya kapag matapang ang timpla.

Magpakulo ng tubig, at ihulog ang luya na tinalupan at hiniwang manipis. Takpan at bayaang kumulo hanggang sa malanghap ang lasa ng luya. Timplahan ng asukal o panotsa sa tamis na nais.

Kung gustong samahan ng kamote ay talupan iyon at hiwaing tipak-tipak. Isunod agad ang kamote sa luya.

TSA

Ang tsa ay higit na magiging mabango sa panlanghap kung sasamahan ng dahon ng pandan ang tubig na gagamitin dito. Hugasang mabuti ang mga dahon, iayos at bungkusin upang maging madali ang pag-aalis pagkatapos.

Gamitan ng 1 kutsarita o 1 supot ng tsa ang bawa't puswelo ng tubig.

TSA NA MAY YELO

Ang tsa, kung idudulot na may yelo, ay kailangang maging matapang. Gumamit ng 2 kutsarita o 2 supot ng tsa sa bawa't puswelo. Samahan din ng katas ng 2 kalamansi ang bawa't puswelo at timplahan ng asukal ayon sa nais na tamis.

Ang tsa na may yelo ay sa basong matataas idinudulot sa halip na sa puswelo, di tulad kung mainit na tsa ang ihahain. Bilang palamuti, lagyan ng isang hiwang limon ang isang dako ng labi ng baso.

Pontse



Suman sa Ibos at Manggang Hinog: Minandal na Pilipinong-pilipino

2. MINANDAL

ANG MINANDAL ay isang bahagi ng alin mang kapamuhayan o kalinangan, at higit na makatawag-pansin ang minandal ng mga Pilipino sa pangyayaring makalawang ulit itong sumasapit araw-araw —tuwing umaga, sa pagitan ng ika-9 at ika-10; at sa hapon, sa pagitan ng ika-3 at ika-4. Bagama't sa ibang bansa ay karaniwang kape o tsa lamang at biskuwit ang inihahain sa minandal na pinagmulan ng katawagang *coffee break* sa mga tanggapan, ang minandal natin ay may isang katangian: inihahain natin ang ibaibang kakanin na karaniwang yari sa malagkit o bigas, at nitong mga huling panahon, ay arina. Gayon din naman, ang mga ito ay karaniwang sagana sa matamis, sa gata o sa kinudkod na niyog.

Maminsan-minsan, ang mga pagkaing inihahain sa minandal ay naidudulot din sa agahan — kung nakakakain ng mabigat sa umagang-umaga ang hahainan.

BIBINGKA PILIPINA

2 puswelong malagkit, ibinabad sa 1/2 puswelong tubig at giniling
2 kutsaritang baking powder
2 kutsarang mantekilya
1 puswelong asukal
8 itlog, binating mabuti
4 na guhit na kesong pula

Paghaluin ang galapong at asukal. Isama ang mantekilya, *baking powder* at ang binating itlog. Ayusin ang dahon ng saging na sinalab sa mga hulmahang bilog at dito isalin ang galapong. Huwag pupunuin kundi hanggang 2/3 lamang. Ipasok sa hurong may katamtamang init. Ihaing may hiwa ng kesong pula.

Kung walang hurno, isalang sa uling at takpan ng latang may gatong, na ang lalong mabuti ay uling din o balat ng niyog.

BIBINGKANG KAWALI NA MAY PALAMAN

Sangkap:

6 na itlog
1 1/2 puswelong sinalang arina
1/4 na kutsaritang asin
2 puswelong gatas
1/2 librang mantekilya o margarina

Batihin ang itlog, isama ang arina, asin at gatas. Isama rito ang tinunaw na mantekilya o margarina. Haluing mabuti upang maging pino.

Magtunaw ng sapat na mantika o mantekilya sa isang kawali. Kapag mainit na, maglagay ng 4 o 5 kutsara ng pinaghalu-halong sangkap. Igalaw ang kawali upang lumatag ang galapong. Iprito ang magkabilang panig. Ilagay sa isang bandehado at pahiran ng palaman. Pagsalikuping tulad sa tortilya. Ihaing mainit.

Palaman:

1 puswelong laman ng manok
2 maliit na lata ng kabute
2 kutsarang mantekilya o margarina
2 1/2 puswelong gatas
2 pula ng itlog
1/2 kutsaritang asin

Hiwaing maliliit ang laman ng manok. Hiwaing maliliit ang kabute at igisa ito sa mantekilya o margarina. Isunod ang 2 puswelong gatas at haluing mabuti. Pakuluang 3 minuto upang lumapot.

Idagdag ang laman ng manok at bayaang kuluan ng 2 minuto pa. Ihalo ang nalalabing 1/2 puswelong ga-

tas at ang pula ng itlog. Dahan-dahang haluin. Timplahan ng asin.

BIBINGKANG KAMOTENG-KAHOY

1 puswelong kamoteng-kahoy, ginadgad
1/2 puswelong kinayod na buko
2 itlog
3 kutsarang langis-pamprito o mantekilya
4 na kutsarang dinurog na keso
3/4 na puswelong asukal
3/4 na puswelong gata

Batihin ang itlog at isama ang asukal, langis o mantekilya at gata. Ihalo ang kamoteng-kahoy at buko. Samahan ng 2 kutsarang dinurog na keso at haluing mabuti. Lagyan ng sinalab na dahon ng saging ang isang hulmahan at dito ilagay ang pinaghalu-halong mga sangkap, Ipasok sa hurno na may katamtamang init. Kapag namumula na ay pahiran ng mantekilya at budburan ng asukal at ng nalalabing dinurog na keso. Bayaan pa sa hurno hanggang sa maluto at pumula.

BIBINGKANG PINIPIG

3 puswelong pinipig
1 1/2 puswelong asukal na pula
3/4 na puswelong kakang-gata
2 puswelong gatang may halo
1 kutsaritang asin
1/4 na kutsaritang pinulbos na anis

Pakuluin sa isang kawali ang gatang may halong pinipig at asin. Hinaan ang apoy at idagdag ang 1 tasang asukal. Lagyan ng dahon ng saging na sinalab ang isang hurno at isalin dito ang pinakuluang pinipig at gata. Ibuhos sa ibabaw nito ang kakang-gata. Ibudbod ang nalalabing asukal at asin. Takpan at isalang na muli hanggang sa pumula.

BIBINGKANG TINAPAY

5 hiwa ng pan amerikano, pinirasong maliliit
1 puswelong gatas
2 kutsarang peanut butter
1/4 na kutsaritang asin
1 itlog, binati
1 kutsaritang baking powder

Ibabad ang tinapay sa gatas na ininit nang bahagya. Isunod ang *peanut butter* at *baking powder*. Haluing mabuti. Isunod ang binating itlog.

Magsalang ng kawali. Pahiran ng mantika. Kutsa-kutsarang ihulog dito ang pinaghalu-halong mga sangkap. Papulahin ang magkabilang panig.

Ihaing may katambal na haleya o arnibal na may punto — kung alin ang higit na naiibigan ng kakain. Maaari ring buhusan ng gatas at budburan ng asukal.

BOMBONES DE ARROZ

1 puswelong sinaing
2 itlog
6 na kutsarang kakang-gata
1/2 kutsaritang asin
1 puswelong arina
1 kutsaritang banilya
2 kutsaritang baking powder

Itabi ang 1 puswelong kaning malata. Pagsama-samahin ang arina, *baking powder* at asin. Salain. Idagdag ang binating itlog, kakang-gata at ang kaning malata. Haluing mabuti. Isunod ang banilya. Magpainit ng mantika. Ihulog na kutsainit ng mantika. Ihulog na kutsakutsara ang mga sangkap na pinaghalu-halo. Bayaang pumula. Patuluin at ihaing may buhos na malapot na arnibal.

GINATAANG HALU-HALO

1 niyog, kinudkod
1 puswelong asukal
3 saba, hiniwang pahilis
2 kamote, tinalupan at hiniwang pakuwadradong maliliit
1 gabe, tinalupan at hiniwang pakuwadradong maliliit
1 maliit na ube, tinalupan at hiniwang tulad ng gabe
langka, hiniwang pahalang at manipis
3 kutsarang sago

Gatain ang niyog. Itabi ang kakang-gata. Pigain uli ang niyog. Gamitan ng 2 puswelong tubig. Dito ilagay ang iba pang mga sangkap, maliban sa langka. Isalang sa atay-atay na gatong at haluin habang hinihintay na kumulo upang huwag makurta ang gata. Bago ganap na maluto ang mga sangkap ay idagdag ang langka. Bayaang maluto.

Lagyan ng kakang-gata sa ibabaw sa oras ng paghahain.

MAHA BLANKA

2 puswelong bigas
10 puswelong gatas na sariwa
1 puswelong asukal
1 kutsaritang sinangag na anis
3 niyog

Hugasan ang bigas at ibabad sa 2 puswelong tubig sa loob ng magdamag. Gilingin at salain sa katsa.

Ihalo ang galapong sa gatas at asukal. Isalang sa atay-atay na gatong at huwag titigilan ng halo. Isamang unti-unti ang langis ng niyog. Kapag malapot na ay ihalo ang anis at isalin sa isang bandehadong nilangisan.

Budburan ng latik.

Sa paggawa ng latik, kunin ang 5 puswelong gata sa 3 niyog na kinudkod. Isalang at pakuluan hanggang sa maglangis ang gata. Ang magiging tutong ay siyang latik. Salain. Ang maiiwan sa salaan ang ibudbod sa ibabaw ng maha blanka. Ang langis ay maaaring itabi upang magamit sa ibang araw.

GINATAANG MAIS

1 puswelong murang mais, ginayat
1/2 puswelong malagkit
8 puswelong gata
1 puswelong kakang-gata
2 puswelong asukal
1 kutsaritang asin

Isalang ang malagkit at gata. Bayaang kuluan hanggang sa halos ay luto na. Idagdag ang mais, asukal at asin. Lutuin nang husto. Huwag titigilan ng halo upang huwag manikit. Huling ilagay ang kakang-gata o kung ihahain na lamang.

MASAPODRIDA

1/2 puswelong arina
2/3 puswelong niyog, kinudkod
1/4 na puswelong asukal
1/3 kutsaritang asin
1 pula ng itlog
1/4 na puswelong margarina

Salain ang arina at asin at isama ang niyog. Haluing mabuti at idagdag na dahan-dahan ang tinunaw na mantika. Batihin ang pula ng itlog at idagdag ang asukal. Isama ito sa arina. Masahin. Ilatag hanggang sa maging manipis na 1/4 na pulgada. Hiwain sa laking nais ang bawa't piraso o kung may pangkorte ng biskuwit ay iyon ang gamitin. Ang bawa't piraso ay pahiran ng pula ng itlog at budburan ng asukal. Ipasok sa mainit-init na hurno at bayaan hanggang sa pumula.

MARUYANG MAIS

1 1/2 puswelong arina, sinala
1 kutsaritang asin

1 kutsaritang vet-sin
1 1/2 kutsaritang baking powder
2/3 puswelong gatas
1 itlog, binati
2 puswelong mais, ginayat langis-pamprito

Salaing magkakasama ang arina, asin, *baking powder* at *vet-sin*. Isama ang gatas. Haluin. Isunod ang mais. Painitin ang langis at dito jhulog na kutsa-kutsara ang ginawang masa. Bayaan hanggang sa pumula.

NILUPAK

1 1/2 puswelong pinipig, binusa at giniling
20 saging na saba, nilaga at dinikdik
3/4 na puswelong asukal
1 niyog, kinudkod

Dikdikin sa isang almires ang saging. Idagdag ang asukal at niyog. Haluing mabuti. Isunod ang pinipig at haluin uli. Hatiin sa tatlong bahagi ang mga sangkap na pinaghalu-halo. Balutin sa *wax paper* at kinisin. Hiwain sa kapal na tig-1 pulgada.

PACIENCIA

4 na puti ng itlog
1 puswelong asukal
1/4 na kutsaritang baking powder
1/2 puswelong arina, sinala
katas ng limon o dayap

Batihin ang puti ng itlog hanggang sa tumigas. Idagdag na unti-unti ang asukal at batihin hanggang sa mag-anyong merengge. Isama ang arina at b*aking powder* na sinala, at isama ang katas ng limon. Ilagay sa lutuang metal na kutsa-kutsara ang dami. Lutuin sa hurno na may katamtamang init.

PUTO-BUMBONG

3 kutsarang pirurutong
1 puswelong malagkit

Ibabad sa 2 puswelong tubig ang malagkit at pirurutong. Bayaang ilang oras bago gilingin. Ibalot sa katsa ang giniling na galapong at daganan ng ano mang bagay na mabigat upang madaling matuyo. Kung tuyo na, salain. Ilagay ang tuyong galapong sa mga bumbong na kawayan. Huwag pupunuin o sisiksikin ang bumbong at pasingawan.

PUTO-MAYA

3 puswelong malagkit
5 puswelong gata
1 puswelong asukal
1 maliit na niyog, kinudkod

Hugasan ang malagkit at ilagay sa isang kaserola. Isama ang gata at isalang, na malakas ang gatong. Kapag may lumalabas nang aso sa gilid ng takip, ay hinaan ang gatong at bayaang mainin. Ihubog ang putomaya sa mga puswelo ng kape at ihanay sa bandehado o sa mga platito, kung ano ang nanaisin. Lagyan ang ibabaw ng kinudkod na niyog at asukal.

PUTONG-PUTI

2 gatang na bigas
3 kutsarang baking powder
1 1/2 puswelong asukal na repinado
ilang butil na asin

Ibabad nang ilang oras ang bigas at gilingin. Ihanda ang mga tasitang maliliit o ano mang hulmahang ang laki ay ayon sa inyong kagustuhan. Ihalo sa giniling na galapong ang *baking powder*, asukal at asin. Ilagay sa mga hulmahan ang galapong. Huwag pupunuin ang mga sisidlan upang bigyan ng puwang ang pag-alsa nito. Pasingawan.

Ganito ang paraan ng pagpapasingaw: Magsalang ng kawa. Lagyan ng kaunting tubig. Ikama sa bibig ng kawa ang isang bistay na hindi sasayad sa tubig. Dito iayos ang mga hulmahan. Takpan nang lapat na lapat ang kawa.

Bayaan sa katamtamang lakas ng apoy ang kawa sa loob ng kalahating oras.

Ang putong-puti ay masarap na tambalan ng kinudkod na niyog at mainit na tsa o salabat. Kung naghahanap ng kaibhan, ang katambal ng putong-puti ay ang dinuguan.

SINUDSOD

2 puswelong galapong na malagkit
2 itlog
1/4 na kilong asukal
1/2 puswelong mantika

Batihing mabuti ang itlog. Isama ang asukal. Isunod ang galapong. Kung kailangan ay lagyan ng kaunting tubig upang maging pantay ang lapot hanggang sa maaari nang kuning kutsa-kutsara.

Kawaling pantay ang ilalim ang gamitin. Painitin ang bahagyang mantika, sapat lamang upang huwag manikit ang galapong. Kutsa-kutsarang ilagay sa kawali. Isang kutsara sa bawa't luto. Palaparin sa lutuan. Sa loob ng 5 minuto ay baligtarin at ang kabila naman ang lutuin hanggang sa mamula. Ulit-ulitin ang paraang ito hanggang sa maubos ang galapong.

SINUKMANI

5 puswelong malagkit
3 1/2 puswelong asukal na puti
3 niyog, kinudkod
1 kutsaritang asin

Gatain ang niyog at kunin ang kakang-gata. Bukod dito ay kumuha ng 1 1/2 puswelo pang gata. Pakuluan sa ikalawang piga ang malagkit, asukal at asin. Huwag titigilan ng halo habang niluluto. Kapag malapit nang maluto ay isunod ang kakang-gata. Ipagpatuloy ang paghalo hanggang sa maluto. Isalin sa isang bilao o liyanerang may saping dahon ng saging. Patagin ang ibabaw sa pamamagitan ng kutsara. Hiwain sa laking nais ang bawa't piraso. Ihaing may budbod na kinudkod na niyog.

SUMANG KAMOTENG-KAHOY

1 puswelong kamoteng-kahoy, ginayat
1/3 puswelong kinudkod na niyog
3/4 na puswelong asukal
dahon ng saging

Pagsama-samahin ang mga sangkap at haluing mabuti. Salabin ang dahon ng saging. Sa magkapatong na dahon ay balutin ang suman sa laking nais. Pagdaup-daupin ang tigalawang suman at taliang mahigpit ng balanggot. Ilaga hanggang sa maluto.

TAMALES

2 puswelong bigas
7 puswelong gata
1 puswelong asukal na pula
1 kutsaritang paminta, dinikdik
asin
1/4 na puswelong atsuwete, ibinabad sa 1/4 na puswelong tubig
itlog na nilaga, hiniwa
nilagang mani, giniling
dahon ng saging
nilagang pitso ng manok, hiniwa
nilagang baboy, hiniwang maliliit
halabos na hipon, tinalupan at biniyak
hiwa-hiwang hamon

Ibusa ang bigas hanggang sa pumula. Gilingin. Ilagay sa isang kawali ang gata, asin, asukal, paminta at ang giniling na bigas. Isalang sa katay-atay na gatong. Haluing lagi upang hindi manikit at hindi magbugal-bugal. Bago hanguin ay isunod ang mani. Hatiin ang mga sangkap na ito, at iwan ang kalahati sa kawali. Dito ihalo ang katas ng atsuwete at bayaan uli sa apoy nang 2 minutos.

Salabin ang mga dahon ng saging. Magpatung-patong ng tatlong piraso, at dito ilagay ang tig-3 kutsara ng sangkap na may halong atsuwete at ang walang halong kulay. Idapa ng kutsara. Ihanay dito ang laman ng manok, baboy, hipon, hamon, mani at itlog. Baluting mabuti at talian. Iayos sa isang kaserola at pasingawang 2 oras.

Kung walang pasingawan ay ganito ang gawin: Ilagay sa isang kaserola ang binalot na tamales. Lagyan ng tubig, na ang dami ay umaabot sa kalagitnaan ng sisidlan, takpang mabuti at pakuluang 1 oras. Palamigin.

3. PULUTAN

ANG MGA sitsiryang inihahain bago sumapit ang oras ng pagkain ay karaniwang idinudulot upang dagdagan ang gana sa pagkain. Sa mga nagsisiinom ng inuming nakalalasing o pampalamig bago manang-hali o maghapunan, ang pulutan ay isang mahalagang bahagi ng pagkain.

DILIS

Linising mabuti ang sariwang dilis. Alisin ang bituka, nguni't hindi ang ulo. Asnan. Patuluing mabuti ang kakatas na tubig.

Budburan ng paminta. Igumon sa arina at iprito sa langis na mainit. Bago ihulog na isa-isa ang dilis ay hinaan ang apoy. Ang malakas na gatong ay magiging dahilan ng malambot na dilis. Sa kabilang dako, kapag mahina ang apoy ay magiging malutong at lutung-luto ang loob ng dilis at makakain pati ang tinik.

Ang maliit na biya ay mailuluto rin sa ganitong paraan.

KILAWING DILIS

Linising mabuti ang dilis at ibabad sa suka sa loob ng 20 minuto. Itabi. Magkudkod ng niyog at pumiga ng 1/4 na puswelong kakang-gata. Patuluin ang dilis at pigaan ng katas ng limon. Idagdag ang gata. Timplahan ng asin, paminta at tinadtad na sibuyas.

SITSARON NA BALAT NG BABOY (1)

Ang balat ng baboy ay madaling matitipon kung aalisin iyon sa tuwing magluluto ng baboy na hindi naman kailangan ang balat. Ibilad sa araw. Kapag tuyung-tuyo na ay maaari nang gawing sitsaron.

Magpakulo ng mantika. Ihulog dito ang balat, nguni't huwag lulutuin nang husto. Hanguin at palamigin.

Kung maaaring kinabukasan lutuin ay higit na magiging malutong at esponghado ang sitsaron. Magpakulo ng bago at malinis na mantika. Dito ilagay ang balat. Makikita kung gaano aalsa at magiging malutong, kabaligtaran kung malamig ang mantika.

Huwag aasnan ang balat na gaga-

Sitsarong balat ng baboy: masarap na pulutan

wing sitsaron sa ganitong paraan, at hindi aalsa.

SITSARON NA BALAT NG BABOY (2)

Ang mga tinipong balat ng baboy na itinago sa *freezer* ay magagawang sitsaron nang hindi kailangang ibilad. Magpakulo ng tubig na may timplang asin. Dito ihulog ang balat. Bayaang lumambot, nguni't huwag bayaang malabog. Hanguin at patigisin.

Magpakulo ng mantika. Dito iluto ang balat hanggang sa lumutong. Maitatabi ang pinaglagaan upang magamit sa sopas.

SITSARON NA UMPELYA

Hiwain sa maliliit na piraso ang umpelya, sapat upang may mahawakan kung maluto na. Lagyan ng tubig, kapantay ng umpelya. Timplahan ng asin upang magkalasa. Bayaang maluto o hanggang sa ang tubig na inilagay ay matuyo at magsimulang magmantika. Hinaan ang apoy at iprito sa sariling mantikang kakatas.

Patigisin bago ihain. Itabi ang magiging mantika upang magamit sa ibang pagkakataon.

KILAWING TALABA

Banlian ang talaba sa karaniwang paraan. Alisin sa balat. Tiyaking walang mahahalong balat na nadurog. Ibabad sa suka, asin, sibuyas Tagalog, siling labuyo at dinikdik na paminta.

Kung higit na magugustuhan ng kakain, huwag nang banlian ang talaba. Lutuin na lamang sa pagbababarang suka. Dagdagan ang sili.

Now everyone can afford the luxury of cooking with

Lady's Choice®

PURE

CORN OIL

the perfect all-purpose cooking oil!

Low in saturated fats high in poly-unsaturates... better for your health than ordinary cooking oil

Leaves no oily smell or greasy taste

costs just a few centavos more than ordinary cooking oil

best for frying, baking or salads

CALIFORNIA REFINING CORPORATION
PARAÑAQUE, RIZAL



TANGING BAHAGI

PAGGAWA NG "CAKE"

HINDI LIKAS sa ating hapag-kainan ang *cake*, lalo na kung luto sa arina. Ang ating nakikilala ay ang kalamay na buhat sa bigas, malagkit, pinipig o kamoteng-kahoy at ang bibingkang galapong bukod pa sa ibaibang uri ng suman. Nguni't sa pagdaraan ng panahon, naging bahagi na ito ng ating pagkain, lalo na kung may okasyong ginugunita. Ang *cake* ang nagpapakilala kung ang okasyon ay kaarawan, binyagan, kasalan o mga araw na hindi karaniwan, tulad ng Pasko, Bagong Taon, gradwasyon, Araw ng mga Puso o Mahal na Araw.

Ang isang mahusay na *cake* ay nakikilala sa masang malambot at hindi butas-butas ng hangin. Makakamit ang pinakamabuting pagluluto batay sa kahusayan ng mga gagamiting sangkap, sa pantay at husto-sa-bilang na halo at sa tumpak na init ng pugon o hurno. Bago magsimula sa pagluluto ng *cake*, basahing mabuti ang mga tagubilin at ihanda ang lahat ng gagamitin upang maging tuluy-tuloy ang pagtitimpla. At higit sa lahat, initin muna ang hurno bago ipasok ang lulutuin.

"ANGEL-FOOD CAKE"

1 puswelong arinang pang-cake
1 1/3 puswelong asukal
1 1/4 na puswelong puti ng itlog o 10-12 itlog
1/4 na kutsaritang krema ng tartaro
1 kutsaritang banilya

Tatlong ulit na salain ang arina at 1/3 puswelong asukal. Batihin ang puti ng itlog hanggang sa bumula. Idagdag ang asin at krema ng tartaro. Batihin uli hanggang sa halos ay tumigas. Salain nang tatlong ulit ang nalalabing 1 puswelong asukal. Ibudbod ang 2 kutsara nito sa puti ng itlog. Haluin. Ipagpatuloy ang paghahalo ng asukal, 2 kutsara sa bawa't lagay hanggang sa maubos ang asukal. Idagdag ang banilya. Sa mga sangkap na ito, unti-unting ihalo ang 1/4 na puswelo ng arina. Ihalo ang nalalabi pang arina sa ganito ring paraan. Ilagay sa isang hulmahang may 9 na pulgada ang haba (*tube pan*). Lutuin sa hurno na may init na 325° F, sa loob ng 1 oras at 15 minuto. Palamigin bago isalin.

"2-EGG CAKE"

Maghalo ng 1/2 puswelong mantekilya o margarina. Huwag titigilan hanggang sa lumambot. Unti-unting idagdag ang 1 1/2 puswelong asukal at bayaang matunaw. Haluing mula sa 12 hanggang 15 minuto. Timplahan ng 1 kutsaritang banilya, 1/4 na kutsaritang katas ng limon at 2 o 3 patak ng katas ng pili. Isunod ang 2 itlog, na ilalagay na magkasunod. Batihin muna ang isa na kahalo ng ibang sangkap bago isunod ang ikalawa.

Magsala ng 2 1/4 na puswelong arina, 2 1/2 kutsaritang *baking powder* at 1 kutsaritang asin. Isama sa mga naunang pinaghalu-halong sangkap, na nakikipagsalisi sa 1 puswelong arina at 2 kutsarang gatas. Magsimula sa arina at tapusin sa arina. Sa bawa't pagdaragdag nito ay haluing mabuti.

Ihurno sa 2 hulmahang may saping *wax paper* at may bilog na 9 na pulgada at may kapal na 1 1/2 pulgada, at lutuin sa init na 375°F sa loob ng 23 minuto, o hanggang sa maluto. Palamigin sa loob ng 5 minuto at alisin sa hulmahan.

ANG "FROSTING"

Magtimpla ng 1/2 kilong sinalang asukal na repinado at 1/3 puswelong mantekilya o margarina, 1/4 na pus-

welong gatas at 1 kutsaritang banilya.

Batihing mabuti, at kung sa panghalong de-elektrisidad, ay sa loob ng 2 minuto. Kapag napakatigas ay dagdagan ng kaunting gatas.

"FIESTA BANANA CAKE"

2 puswelong arina, sinala
1 puswelong lakatan, dinurog
1 kutsaritang baking powder
1 kutsaritang soda
3/4 na kutsaritang asin
1 1/3 puswelong asukal
1/2 puswelong mantekilya
1/2 puswelong gatas
1 kutsaritang banilya
2 itlog
1/2 puswelong pili, tinadtad
1 puswelong whipping cream
1 lakatan, hiniwa
maroschino cherries, **tinadtad**

Salaing magkakasama ang arina, *baking powder*, soda, asin at asukal.

Haluin ang mantekilya upang lumambot. Isama ang arina, asin, soda, asukal at *baking powder*. Idagdag ang 1/4 na puswelong gatas, banilya at dinurog na saging. Haluing mabuti hanggang sa maging masa ang arina. Isama ang itlog, pili at ang nalalabi pang gatas. Batihin uli.

Sapnan ng *wax paper* ang liyanera bago isalin ang masa. Ipasok sa hurnong may init na 350°F at bayaang mula sa 25 hanggang 30 minuto.

Hanguin at palamigin. Lagyan ng binating *whipping cream* ang pagitan ng magkapatong na mamon. Lagyan din ang ibabaw at palamutihan ng hiniwang saging at tinadtad na *maroschino cherries*.

CAKE NA MERENGGE

1/4 na puswelong mantekilya o margarina
1 puswelong asukal
2 pula ng itlog ng manok
1 kutsaritang baking powder
3/4 na puswelong arina
1/4 na kutsaritang asin
1/3 puswelong gatas
1/4 na kutsaritang banilya
kinudkod na niyog

Paghaluin at tunawin sa halo ang mantekilya at asukal. Idagdag ang pula ng itlog. Batihing mabuti. Salain ang arina, *baking powder* at asin. Ihalo nang salisihan sa gatas at pinaghalong asukal at mantekilya. Idagdag ang banilya. Ilagay sa hurnuhang may sukat na 8" x 10" x 2". Budburan ng kinudkod na niyog. Pahiran ng merengge (kasunod nito ang paraan ng paggawa) at lutuin sa hurno na may init na 325°F nang 40 minuto. Palamigin at hiwain sa maliliit na parisukat.

MERENGGE

2 puti ng itlog ng manok
2 kutsarang asukal
1/4 na puswelong haleyang pasas

Batihin ang puti ng itlog hanggang sa tumigas. Idagdag na unti-unti ang asukal at huwag titigilan ang bati. Ihalo ang haleya sa merengge.

PIYONONO

3/4 na puswelong arina
1 kutsaritang baking powder
1/4 na kutsaritang dinurog na asin
4 na pula ng itlog
5 puti ng itlog
1/2 puswelong asukal

Batihin ang puti ng itlog hanggang sa tumigas. Idagdag ang pula nang isa-isa, at batihin sa bawa't paglalagay. Isunod ang asukal, nguni't unti-unti, samantalang hinahalo. Idagdag na dahan-dahan ang arina at asin, kasama ang *baking powder*. Isalin pagkatapos sa isang malapad na liyanerang may saping *wax paper* na minantikaan at may budbod na asu-

kal. Pahiran ng palaman na ang paraan ng paggawa ay kasunod nito. Lagyan ng *icing*, matapos ilulon.

PALAMAN NG PIYONONO

1 puswelong asukal
2 pula ng itlog
1 puswelong gatas
1 kutsarang mantekilya
1 kutsarang arina

Isalang ang asukal hanggang sa matunaw, saka dagdagan ng 1/3 puswelong tubig. Bayaang mag-arnibal, saka isunod ang pinaghalu-halo namang arina, pula ng itlog at gatas. Pasingawan. Kapag malapot na ay isunod ang mantekilya. Haluing mabuti. Hanguin at ipahid sa piyonono.

"ICING" NG PIYONONO

2 puti ng itlog
1 puswelong asukal
1/3 puswelong tubig

Gawing arnibal ang tubig at asukal. Ibuhos na unti-unti sa binating puti ng itlog. Batibing mabuti habang isinasalin. Ito ang ipahid sa piyonono kapag nailulon na.

"WEDDING CAKE"

Mantikaan o langisan ang kabuuan ng mga hulmahang bilog na may sukat na 14", 10" at 7", at may lalim na 2 1/2". Budburan ng arina.

Salaing makalawang ulit ng 7 1/2 puswelong arina, 5 kutsaritang *baking powder* at 1 1/4 na kutsaritang asin.

Tunawin sa pamamagitan ng halo ang 2 1/2 puswelong mantekilya at 5 puswelong asukal. Idagdag ang 15 pula ng itlog, na isa-isang ilalagay at ibabati sa tinunaw na asukal at mantekilya. Timplahan ng 2 1/2 kutsaritang *orange flavoring* o katas ng kahel at 5 kutsarang ginayat na balat ng dalandan.

Sa mga sangkap na ito ay salising ihalo ang arina at 2 1/2 puswelong gatas at batihin sa bawa't pagdaragdag ng arina at gatas.

Batihin ang 10 puti ng itlog hanggang sa tumigas. Ihalo sa iba pang sangkap. Ilagay sa hulmahan, na hanggang sa kalahati lamang ng bawa't sisidlan. Takpan ang pinakamalaking hulmahan at palamigin sa repriheradora, at hintaying maluto ang dalawang maliit sa hurnong may init na 300°F. Bayaang 1 oras at 20 minuto. Palamigin at biyakin upang magkaroon ng puwang sa palaman. Isalang naman ang pinakamalaki at bayaan sa hurno nang 1 oras at kalahati. Palamigin din pagkatapos at biyaking tulad ng dalawang maliit.

Ganito ang gawin sa palaman: Maghalo ng 4 na puswelong mantekilya at 4 na puswelong asukal. Idagdag ang 2 puswelong pili na binanlian muna at tinadtad, 1 1/2 kutsaritang katas ng pili at 4 na kutsarang gatas. Ipahid ang pinaghalu-halong sangkap at itaklob ang kabiyak. Ayusin ang tatlong patong na masa at lagyan ng inyong paboritong *frosting*.

Lagyan din ng palamuting maliliit na rosas na puti sa paligid at isang malaking rosas na pula sa unang andana, o kung ano ang bulaklak na gagamitin ng nobya sa kanyang pumpon ng bulaklak na hahawakan sa kasal.

Sundin ang lahat ng tagubilin sa paggawa ng cake nang mahigpit at maalaala: ano mang paglihis ay mangangahulugang hindi lalabas na tulad ng inaasahan ang ihahandang cake.

MGA DAHONG DAGDAG

MGA URI NG PAGLULUTO

"BRAISING"

Isinama namin ang paraang ito ng pagluluto na hindi likas sa ating mga lutuin, nguni't karaniwang ginagamit ngayon, at hiniram sa mga Pranses. Sa paraang ito, ang karne o manok ay iginugumon muna sa asin at arina at ipiprito bago pakuluan at palambutin sa tubig o sabaw, sa gatong na mahina at atay-atay.

PRITO

Hindi karaniwan sa ating mga pagpiprito ang pagbabalot ng arina o biskotsong dinikdik sa pipirituhin, lalo na sa isda. Nguni't narito ang lihim ng masarap at mahusay na pagpiprito: ilagay lamang sa kawali ang isda matapos patuluin ang tubig na kakatas dahil sa asin, at kung ang mantika ay mainit na mainit na. Ang malamig na kawali ay magbibigay ng piniritong malabsa, kumakata sa mantika at naninikit sa kawali, kaya hindi mahahangong buo.

NILAGA

Ang paglalaga, lalo na ng karne o manok, ay nangangailangan ng ingat. Kailangang mapakulo muna ang tubig na paglalagaan at bayaang kinukuluan nang 5 minuto, upang isara ang kutis ng karne o laman. Pagkaraan niyon ay hinaan ang gatong at bayaan hanggang lumambot. Ang karne o manok na isinasabay sa tubig na malamig at pinababayaang doon kuluan ay nagtatapon ng lasa.

IHAW

Ito ang karaniwang paraan ng pagluluto sa baga, o ano mang tuwirang init. Ang matinding init ang magsasara agad sa kutis ng niluluto, at pipigilan ang pagtapon ng lasa at sustansiya.

LITSON

Mahina at atay-atay ang pagluluto sa ganitong paraan, bukod pa sa ang niluluto ay pinapahiran ng mantika o langis o mantekilya samantalang niluluto. Kung hindi sa baga ang paglilitson kundi sa hurno, ang niluluto ay karaniwang inilalagay sa isang sisidlang may bahagyang langis o mantika.

PASINGAW

Ang pasingaw ay karaniwang ginagawa sa mga pagkaing iniingatan ang pagtapon ng kahit kaunting sustansiya, na karaniwang ukol sa mga bata o iyong may mabigat na karamdaman. Ang mga walang *double boiler* ay mabisang magagawa ito kung ilalagay sa isang kaserola o sisidlang may lapat at mahigpit na takip ang lulutuin at isasalang sa isa pang sisidlang may tubig na sapat upang lumubog ang hanggang kalahati ng sisidlang may laman. Ang init na malilikha ng kumukulong tubig ang siyang luluto sa nakasalang—maging isda, karne o manok.

MGA SUKAT AT KATUMBAS

Ilang butil, karaniwan ay ginagamit sa paminta — 1/8 kutsarita

Isang kurot, karaniwan ay sa asin, at ginagawa sa pamamagitan ng dampot ng hinlalaki at hintuturo — 1/8 kutsarita

3 kutsarita — I kutsara

1/3 ng 2 kutsara — 2 kutsarita

2 kutsara — 1/8 puswelo

4 na kutsara — 1/4 na puswelo

1/3 puswelo—5 kutsara at 1 kutsarita

1/2 puswelo — 8 kutsara

2/3 puswelo — 10 kutsara at 2 kutsarita

3/4 na puswelo — 12 kutsara

1 puswelo — 16 na kutsara

2 puswelo — 1 pinta

2 pinta — 1/2 galon

INIT NG HURNO AT KATUMBAS

Elektrisidad	*Gas*	*Init sa Hurno*
240°F	1/4	Mahinang-mahina
260°F	1/2	
280°F		
300°F	1	Mahina
320°F	2	
340°F	3	Katamtaman
360°F	4	
380°F	5	
400°F	6	Mainit
420°F		
440°F	7	
460°F	8	Mainit na mainit
480°F	9	

MGA KATAWAGAN SA INGLES AT KATUMBAS

A la Creme—ulam na may kasamang malapot na sarsang puti

A la King—ulam na may kasamang sarsang hinaluan ng alak at kabute

Au Gratin—ulam na may buhos na sarsang binudburan ng dinurog na kesong pula at dinikdik na biskotso, at karaniwang pinapula sa hurno

Bain Marie—banyo Maria, o paraan ng paglulutong nasa isang bukod na sisidlang nakalubog sa tubig na siyang pinakukuluan, o paglulutong hindi tuwirang pinakukuluan

Baste—haplusan ng langis o mantika ang iniihaw o nililitson

Beat—batihin, o haluing mabilis upang gawing pino at masamahan ng hangin, tulad sa ginagawa sa itlog

Blanch—banlian; buhusan ng kumukulong tubig, bayaang saglit at itapat sa tubig sa gripo, tulad ng ginagawa sa pili o ano mang gulay na nais mapanatili ang kulay

Blend—paghahalo ng tuyong sahog sa likido, tulad ng arina na hahaluan ng gatas o tubig

Caramel—arnibal na tinunaw sa pamamagitan ng init lamang, at hahaluan ng tubig na kalahati ng dami ng asukal na ginamit, tulad ng pang-ilalim ng leche flan

Coat—balutan ng arina o dinikdik na biskotso, nguni't bahagya lamang

Consomme—sopas na malinaw at malabnaw ang sabaw

Cream—tunawin sa pamamagitan ng halo lamang, tulad ng mantekilya na ihahalo sa *cake*

Croutons—hiniwang tinapay sa maliliit na piraso at tinosta, upang gawing palamuti sa sopas

Devilled—nilagyan ng maanghang, dinurog

Dice—hiwaing pakuwadradong maliliit

Dredge—budburan ng asukal o arina, sa paraang pantay at manipis

Escalops—karneng baka na hiniwang maliliit at manipis, iginumon sa arina o dinikdik na biskotso at ipinirito

Fillet—posta o hiwa ng isda o manipis na hiwa ng karne, walang tinik o buto

Flake—himayin, tulad sa isda o alimasag

Fold—pagsasama ng isang sangkap sa natimpla na, na ang gagamitin ay kutsilyo o tinedor, tulad ng ginagawa sa masa ng *cake* na hinahaluan ng puti ng itlog na binati

Knead—pagmasa sa arina sa pamamagitan ng mga daliri ng kamay

Marinade—pagbababaran ng isda, karne, baboy o manok, na binubuo ng suka o katas ng limon na tinimplahan ng pampaalat, pampaanghang at pampalambot

Mornay—sarsang keso

Parboil—saglit na pakukuluan sa tubig at lulutuin sa ibang paraan, tulad ng litsong kawali na palalambutin muna sa tubig at ipapasok sa hurno o lulutuin sa kumukulong mantika

Puree—gulay o prutas na nilaga at idinaan sa salaan upang maging pino

Roux—pinaghalong langis o tinunaw na margarina at arina

Makalalasap ng TOTAL SATISFACTION sa ESSO GASUL

Ang dahilan:

Tanging Esso Gasul ang nagdudulot ng TOTAL SATISFACTION sa pagluluto sa pamamagitan ng: Malinis at mabilis ipanglutong GASUL; matibay na "appliances"; at maagap na "service."

Malinis at mabilis ipanglutong Gasul

Sa Esso Gasul, wala nang mga problemang uling sa kaserola at iba pang mga kasangkapan. Pati kusina'y malinis! Sapagka't malinis ipangluto ang Gasul. At mabilis. Kaya't mas maraming oras na makakapiling ang inyong pamilya.

Matibay na "appliances"

Ang mga "appliances" ng Gasul ay matibay at mapagkakatiwalaan. Kaya't siguradong matagal ninyong gagamitin. At marami ang mapagpipiliang modelo. Sa mababang halaga.

Maagap at maasahang "service"

Sa Esso Gasul, tiyak ang paghahatid ng Gasul. Laging mayroong Gasul "Serviceman" na tutulong sa anumang pangangailangan ninyo. Upang tiyaking kayo'y makalalasap ng TOTAL SATISFACTION tuwing kayo'y magluluto.

ESSO GASUL

The Philippines' No. 1 Fuel for Happy Cooking!

Saute—igisa

Scald—initin sa atay-atay na gatong hanggang sa halos ay kumulo o magkaroon na ng mga bula sa paligid

Sear—pag-iihaw sa karne sa mainit na baga sa maikling panahon upang sarhan ang mga kutis ng laman

Season—timplahan, karaniwan ay ng asin at paminta

Shortening—mantika, langis, mantekilya o margarina

Shred—gadgarin, tulad sa papayang hilaw na gagawing atsara o kesong pulang ihahalo sa sopas

Sift—salain, tulad ng arina at asin

Steam—pasingawan

Strain—salain, tulad ng katas ng hipon

Vinagrette—pinaghalong suka, asin at langis, tulad ng inilalahok sa mga ensaladang gulay na sariwa

ENGLISH SECTION

From the Author

TO OUR friends and visitors from other countries, this section is heartily and fondly dedicated.

The recipes are easy to prepare, and the ingredients equally easy to find in any of our groceries, supermarkets and local markets. For convenience, we have subdivided the section into everyday dishes, and those that could be served during holidays and special occasions.

Instructions are very easy to follow and no extraordinary utensils and appliances are necessary to be able to do the cooking. Even the local fruits needed for some desserts and refreshments are easily available, especially during the summer months when fruits are in abundance.

In the case of the *galapong*, the batter obtained from stone-grinding a certain kind of local grain called *malagkit*, used in the preparation of the local cake or *bibingka*, local markets have certain stalls selling this commodity. This is also the batter used for the delicacy *guinataan* which includes small balls of this *galapong*, diced sweet potatoes, saba bananas, and nangka fruits, cooked in coconut milk. Although the soaked-in-water *malagkit* could be ground with the ordinary iron grinder, results would not be as good. The stone-grinder turns out smoother and thicker batter.

A glossary of local terms and their equivalents at the end of the section will greatly help you. We hope you will have an enjoyable time cooking.

—LIWAYWAY A. ARCEO
Editor, Women's Section
Liwayway Magazine

30 August 1969
Manila, Philippines



Native Clay Stove and Pot

SPECIAL DISHES

LECHON

The *king* of Filipino fiesta table is lechon or roast suckling. It is usually a small pig, cleaned and stuffed with loaves of bread or tamarind leaves. The opening in the stomach is closed by strong strings or thin rattan strips.

If pig is to be cooked in oven, put it on a rack, pour boiling water over the whole body. Wipe body dry with paper towel or clean cloth. Then brush it all over with melted lard or cooking oil. Place in moderate oven. Baste with drippings once in a while. Let stand until skin is golden and crispy.

If pig is to be cooked over live charcoals, thrust a bamboo pole through it from rear to mouth, and roast slowly, turning often to make skin brown evenly.

Serve with sauce.

LIVER SAUCE FOR LECHON

the pig's whole liver, broiled lightly and ground
1 tbsp. onion, chopped
1 head garlic, minced
1 cup water
1/4 cup sugar
1/4 cup vinegar
1/4 cup bread crumbs
1 tsp. black pepper, ground
4 tbsps. lard
salt

Mix liver with water. Strain.

Melt and heat lard in sauce pan. Saute garlic and onion. Add liver mixture, vinegar, bread crumbs, sugar, salt and pepper. Let boil and stir constantly until thick.

CHICKEN RELLENO
(Stuffed Chicken)

No Philippine feast would be complete without chicken relleno. A big, fat chicken is usually used for the dish, cleaned and boned, but with skin, legs and wings left intact.

1 chicken, about 5 lbs.
1 kilo pork, ground
2 eggs, hard-boiled and chopped
1/4 cup seedless raisins
1 small can sweet pickles, chopped
2 ripe tomatoes, minced
1 small can peas
1 onion, minced
4 tbsps. lard
salt
pepper

Heat lard and saute onion, tomatoes, pork, raisins, peas and pickles. Season to taste. Cook until pork is done. Add eggs.

Put mixture inside chicken. Carefully sew opening. Wrap chicken in cheese cloth. Put in deep cooking vessel, cover with broth and simmer until tender. Remove from fire and fry. Be sure all sides are brown.

Serve with gravy.

CHICKEN RELLENO GRAVY

